


# PAGMAMAY-ARI NG LAHAT NG MGA BAGAY

 Ako'y labis na nagpapasalamat na makaparito. Salamat sa inyong mga panalangin noong mabalitaan n'yong nalagay ako sa isang munting aksidente. Ipinapakita lang n'yan na hindi ka maaaring kunin ni Satanas hangga't di pa itinatakda ng Diyos. At sa palagay ko'y marami sa inyo ang nag-iisip kung papaano 'yun...kung anong nangyari. Noon pa ma'y hilig ko na kasi...Gaya ng alam n'yo na...libangan ko na, para makapahinga, ang pamimingwit ng isda o magpunta dun sa kampo kung saan nakapagsasanay ako mamaril, o kaya naman mangaso, o gaya nun. Nalilibang kasi ako dun. Kung nahilig ako sa golf, naroon sana ako ngayong kasa-kasama ang mga kababaihang halos hayag manamit. At kung naging—at kung naging manlalaro naman ako ng beysbol, alam n'yo kung saan ako dadalhin, nun. Kaya ako'y—ako'y nagagalak na sa kalikasan ako nahilig, gaya ng pamimingwit, pangangaso at gayong mga bagay.

<sup>2</sup> At noon pa ma'y gustong-gusto ko nang magkaroon nitong mahabang baril na Weatherby Magnum. At sa palagay ko'y may bumili na nun para sa akin kung nabanggit ko lang 'yung tungkol dun, pero itinago ko na lang 'yun sa sarili ko dahil masyadong malaking halaga ang magagastos nila para dun, samantalang batid kong may mga misyonerong walang sapatos sa kanilang mga paa. Tapos hahayaan ko lang na may gumastos para dun, maglalabas ng ganoong kalaking halaga at magbabayad para sa isang mahabang baril? Binigyan ni Kapatid na Art Wilson si Billy riyang ng modelo sitentang Winchester di pa katagalan, isang kalibre dos singkuwenta y siyete na Roberts. Nagpalabas si G. Weatherby ng isang anunsyo na maaari niyang kunin ang baril na 'yun para baguhin nang kaunti at gawing Weatherby Magnum, nang ligtas. Kaya naparito si Kapatid na Rodney sa simbahan, ipinadala ito ni Kapatid na Rodney Armstrong at binago 'yung baril para maging Weatherby Magnum. Mangyari lang na hindi tama ang pagkakabago. Kaya noong pinaputok ko 'yun, 'yung Weath-...Sinasabi ng Winchester Company na kaya raw nung baril nilang 'yun na tagalan ang animnapu't siyam-na-raang libra ng puwersa. Alam n'yo naman marahil kung gaano kalakas 'yun.

<sup>3</sup> At kaaangat ko lang nung baril, kasama ko si Kapatid na Wood dun, at nasa mga isang pulgada lang ang lapit nung baril sa mata ko, ganito kalapit. At dahil sa puwersang animnapu't siyam-na-raang libra ay sumabog 'yun sa layong limampung

yarda, lumagpas pa nga sa markahan ng limampung yarda 'yung lalagyan ng bala, kumalasa 'yung gabilya, at nagkalasog-lasog 'yung baril sa kamay ko. Liyab na lang ng apoy na halos abot-kisame, ang nakita ko sa isang iglap na 'yun o parang ganun. At, napansin ko, bumubulwak na nang husto ang dugo nang *paganito*, at inakala kong namatay na ako, kaya iniangat ko 'yung kamay ko nang *paganoon* nang ilang saglit. At si Kapatid na Wood . . . Pinipilit kong aninagin siya, at hindi ako makakita talaga sa matang ito, at wala rin akong marinig na kahit ano. Pakiramdam ko'y naglalakad ako nun sa hangin. At nakita ko si Kapatid na Wood na patungo roon sa target para tingnan kung saan tumama 'yung bala, at sinubukan kong kunin ang pansin niya. Hayan nga't lumapit siya at inakay niya ako. At may maliliit na piraso ng bakal na bumaon mismo sa palibot ng mata ko. At ang mukha ko'y para bang giniling na karne ang itsura, dun sa bahaging nasabugan ako sa mukha. At may malalaking piraso ang nakabaon sa bandang ibabaw ng mata ko, at nakapalibot malapit sa buto ko sa ilong at sa bahaging ito ng bungo *rito*. Binunot ni Doktor Adair ang mga 'yun.

<sup>4</sup> Pagkalipas ng ilang mga araw, hayan nga't, kinabukasan, sumadya mismo sa ospital si Doc. Dinala nila ako sa isang espesyalista para masuri sa mata. Nakakita 'yung espesyalista ng piraso ng bakal, sa ilalim ng mata, mga tatlung piraso ng bakal na malalim ang pagkakabaon sa bola ng mata. Hindi maaaring bunutin. Bumaon, pero di tinamaan 'yung mismong mata at nandun lang sa paligid nun. Sabi niya, "Ito sigurado ako," sinulatan niya ng liham si Doktor Adair, sabi, "kasama ng lalaking ito sa pagkakaupo ang mabuting Panginoon dun sa bangko, upang ingatan ang Kanyang lingkod, kasi kung hindi aba'y pati ulo niya sana'y talsik." Ang natira na lamang sana na naabutan sa akin ni Kapatid na Wood ay 'yung bahaging ito *rito* pababa, kita n'yo. Ganoong kalakas ang puwersa! Hindi ko alam kung paano 'yun nangyari. Hayan nga't 'yung malaki't mabigat na gabilya nung modelo sitentang mahabang baril na 'yun ay tumalsik sa likod, umabot sa kung alam n'yo kung saan 'yung Conservation Club, dun tumalsik hanggang sa kuwadra ng mga usa. At di na namin nakita 'yung bahaging 'yun.

<sup>5</sup> Hayan nga't, may ipinapakita lamang ito. Mangangaral ako tungkol diyan isang araw, kung loobin ng Panginoon, tungkol sa "Ayos lang ang pagbabago, subalit dapat itong eksakto lang. Kung di 'yun nakatalaga sa kargadang kakayanin nito, sasabog talaga 'yun sa tuwina." Siyanga. Kaya huwag n'yong ipilit. . . Dapat kasi'y orihinal. Hindi para sabihing mahinang klase. . . [Isang kapatid na babae sa kongregasyon ang nagsasalita—Pat.] Hayan nga, kita n'yo. Ganoon po 'yun. . . Oh, siyempre, maiisip n'yong maaaring ganoon nga.

<sup>6</sup> Pero, sa abot ng nalalaman ko, wala—wala na. . . Siyempre, 'yung mga tainga ko, maiisip n'yo sigurong, may humuhugong

kapag umaalingawngaw ang mikroponong ito. Yan ang dahilan kung bakit wala po ako rito kaninang umaga. Magsasalita ka, tapos maririnig mong umaalingawngaw 'yun nang pabalik-balik. Ngunit dinala na nila ako sa isang espesyalista, sabi, "Di naman daw namamaga 'yung loob ng tainga. At 'yung sa mata naman," sabi, "magiging tulad pa rin ng dati ang paningin mo." Sabi—sabi, "Bumaon 'yun sa ibaba ng mismong mata. Nakapalibot 'yun sa bola ng mata mo, nakabaon." Sabi, "Hindi na 'yan maaalis pa riyon."

7 Sabi ko, "Nung dalawang taong gulang pa lang ako ay may ganun na ako, mula 'yun sa isa pang insidente."

8 Si Kapatid na Roberson na nariyan sa likod, tinawagan ko siya at ikinuwento ko sa kanya ang tungkol dito. Sabi, "Huwag mong alalahanin 'yun," sabi, "ako nga nasa dalawa o tatlong libra ang nasa katawan ko," sabi niya. Isa siyang beterano sa giyera. "Kaya hindi 'yan delikado, marami ako n'yan."

9 Hayan nga't naalala ko ang pangitain galing sa Panginoon hindi pa ganoong katagalan. Naaalala pa po ba n'yo nung sabihin ko 'yun dito? Ang kaluguran ng Panginoon noong umagang 'yun, ang sabi, "Huwag mong katakutan ang kahit ano, saan ka man magtungo, o kung anuman, sapagkat ang di-nagmamaliw na Presensya ni Jesus Cristo ay kasa-kasama mo saan ka man magtungo." Kaya hindi nga magagawa, hindi ako mapapatay ni Satanas hangga't sabihin muna ng Diyos na "tapos na." Kita n'yo? Maaaring subukan niya, subalit di siya magtatagumpay.

10 Hayan nga't, ang kakatwang bagay, papunta na ako nun, papunta na sa pagtitipon ko, hayan nga't maayos naman akong nakakakita sa kaliwang mata ko, at papunta na nga ako sa pagtitipon nun. At pagkatapos kanilang, 'yung kapatid na papunta sa reserbasyon ng mga Indian, kanyang kinansela ang pagtitipon na 'yun, o ipinagpaliban, hanggang sa makabalik ako sa West Coast at makasadya dun sa West Coast. Hayan nga't idaraos namin ang pagtitipon sa dakong 'yun. At sa panahong 'yan, nakipag-ugnayan na sa akin si Kapatid na Arganbright, na pagkatapos ng pagtitipong 'yun, tutulak naman ako roon sa Anchorage, Alaska. Ang dahilan ay umaasa ako sa tuwina . . .

11 Marami sa inyo ang naaalala pa 'yung pangitain ko, nung nabaril ko raw dun 'yung osong grizzly, siyam na talampakang osong grizzly, (at naaalala ng iglesya na sinabi ko 'yun dito), at 'yung caribou. Nagkaroon ako ng isa pang pangitain. Hayan nga't mailalagay ito rito sa teyp, nakakita raw ako ng isang napakalaking kulay-kapeng oso. Kodiak 'yun marahil pero di naman 'yun naglalagi doon sa Canada, 'pagkat wala namang ganon doon, kita n'yo. Subalit kung saan man 'yun lilitaw, lilitaw talaga 'yun. Mangyayari 'yun, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Mangyayari 'yun. Kita n'yo?

<sup>12</sup> At ngayon pinasasalamat ko kayo sa pananalangin para sa akin. Batid kong marami sa inyo ang nanalangin nung mabalitaan n'yong nasaktan ako. At may ilang nagsama-sama upang... Ang anak kong babae riyon, si Rebekah, sinulatan nga niya si Kapatid na babaing Dauch na dumadalo rito sa simbahan, sinulatan ng liham, at ibinalita sa kanya ang tungkol sa nangyari. At tinawagan niya si Meda mga dalawang gabi pagkatapos nun, sabi, "Hindi ko alam kung nakatulong man o hindi, ngunit lahat kami rito'y nagsama-samang manalangin." May ministrong Methodist at—at si Kapatid na Brown, mga kamag-anak nila at lahat sila roon ay nagkaisang, manalangin magdamag para sa akin. Sabi, "Hindi ko alam kung dininig ng Diyos o hindi, ngunit, alam naming nanalangin si Kapatid na Branham para sa napakarami, kaya naisip naming manalangin naman para sa kanya." Ganoon nga ang dinirinig Niya, kita n'yo. Siyanga, 'yung ganoong mga panalangin!

<sup>13</sup> Si Kapatid na Crase, isa sa mga kapatiran natin dito, kamakailan ay tinugis siya ni Satanas, tumama siya sa isang alkantarilya, oh, nahiwa nang tuluyan 'yung kanyang... ang laki nung sugat. Hindi ko maisip kung paano siya nakalabas dun nang buhay. Hayan nga't nakaratay siya roon sa ospital at sabi may isang munting kapatid na lalaking pumasok na taga-New Albany, Medcalf ang pangalan, at sabi nito, "Kapatid na Crase, ako—ako'y—ako'y di karapat-dapat na pumarito para manalangin para sa iyo, ngunit," sabi, "sadyang inilagay ito ng Diyos sa puso ko, hindi ko mapigilan ito." At kaya lumapit siya at lumuhod, at sumambit ng maikling panalangin at lumabas na. Pinagaling ng Diyos si Kapatid na Crase sa oras ding 'yun. Kita n'yo? Hayan nga't, kita n'yo, ito ang kaloob ng pagpapagalang sa Katawan ni Cristo, kita n'yo, isang miyembro para sa isa pa.

<sup>14</sup> Huwag n'yong isiping porke't pangkaraniwan lang kayong miyembro; ay ganun lang, kayo'y kasing halagang miyembro gaya ng sinumang iba pa. Gaya na lang na mahalaga ang lahat kong daliri o ang brasong ito ay braso ko, o ang taingang ito ay tainga ko. Kita n'yo? Miyembro kasi 'yan ng katawan. At lahat tayo... Kung dumadaing ang isang miyembro, ang lahat ng iba pang miyembro ay dumadaing din kasama nun. Isa nga 'yung pagkakaisa, isang pinagpalang pagkakaisa! Ngayon aking...

<sup>15</sup> Hayan nga't, ngayon, marami po akong dadaluhang mga pagtitipon pero may inilaan akong maikling panahon na isang gabi para makabalik dito at makasama ang tabernakulo, kung loobin ng Panginoon. At, kung loobin ng Diyos, itong susunod na parating na Linggo ng umaga'y nais kong mangusap tungkol sa *Pamamaraan Ng Propeta*, hayan nga, dito sa tabernakulo.

<sup>16</sup> Bukas ng gabi, o Linggo ng gabi, naroon po ako sa Gospel Tabernacle, sa isa sa ating mga kapatid, si Kapatid na Ruddell. Nais kong mangusap sa paksang, *Pagpapasingaw Ng Kulo*, kung loobin ng Panginoon.

17 At pagkatapos sa susunod na Martes, kailangan na naming umalis n'yan papuntang Wisconsin, para sa pang-rehiyon na pagpupulong ng Full Gospel Business Men. Naroroon ako nang tatlong gabi. Iyon ay sa . . . Billy, ano nga uli 'yung pangalan nung lungsod? May natanggap akong . . . [Sinasabi ni Kapatid na Billy Paul Branham, "Green Lake."—Pat.] Green Lake, Wisconsin. ["Huwebes."] Kailan? ["Huwebes, Biyernes, at Sabado; sa ika-labimpito hanggang ika-labinsiyam."] Huwebes, Biyernes, at Sabado; sa ika-labimpito, ika-labinwalo, at ika-labinsiyam, sa Green Lake, Wisconsin, 'yung pang-rehiyon na pagpupulong.

18 At pagkatapos sa Linggo, sa ika-dalawampu, nasa Chicago ako n'yan sa bulwagan ng Mataas na Paaralan, 'yung dati ring bulwagan kung saan tayo nagkatipun-tipon nung huling beses. Naaalala n'yo ba kung ano ang pangalan uli nun? [Sinasabi ni Kapatid na Billy Paul, "Stephen Mather."—Pat.] bulwagan ng Mataas na Paaralan ng Stephen Mather, diyan nga sa Linggo ng hapon.

19 Pagkatapos sa Lunes ay naroon ako sa . . . nakalimutan ko na 'yung pangalan ng lugar na 'yun na dating ipinakita sa akin ng Panginoon nung may pagpupulong doon ang Ministerial Association ng Chicago, na nakipagkita sa akin para mapag-usapan 'yung mga magiging paksa, alam n'yo. Sabi ko, "Hayan nga't ang Panginoon ang nagturo sa akin sa dakong 'yun." Isa itong pagtitipon para sa pagluwas ni Kapatid na Joseph Boze, na paririto bukas sakay ng eroplano para makipagkita sa akin, isa ngang salu-salo sa Lunes para sa kanyang pagluwas.

20 Pagkatapos n'yan ay uuwi muna kami at aalis din agad, dahil sa panahong 'yan ay tutulak naman kaming Southern Pines, South Carolina, o North Carolina. At pagkatapos ay sa Columbus, South Carolina. At pagkatapos sa Cow Palace sa West Coast. At pagkatapos ay dadaanan din namin ang Grass City, at tutuloy sa Spokane, hanggang dun sa Canada, at pagkatapos sa Alaska. Kaya manalangin po kayo para sa amin, talagang kailangan namin ang inyong mga panalangin.

21 At itinuturo nga sa atin sa Kasulatan na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos. At naniniwala ako, dahil dito, at yamang nakikita ko ang katapatan ng mga tao at marami pang iba . . . May magsasabi, "Papaano mangyayari ito, at sa anong pagkakataon ipahihintulot ito ng Diyos?" Hayan nga't maaari akong mamatay sa daan sa pagbiyahe roon, may kung anong mangyari sa akin o anuman, Siya'y—Siya'y may ginagawa para maiwasan 'yun. Tandaan n'yo, hindi maaaring mabigo ang mga Kasulatan, "Ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos." At, yamang batid ko ang puso ko, iniibig ko nga Siya. Aking—Aking iniibig Siya nang buong puso ko. Hayan nga't unti-unti n'yan tayong pinaglalapit sa isa't isa.

<sup>22</sup> At, ang isipin ngayon, na ang bawat isang nakapamalita na nito, ay hindi maintindihan kung papaanong may ulo o balikat pa rin akong natira, kita n'yo, at nakaligtas pa rin pagkatapos ng lahat ng pagsabog na 'yun. Hayan nga't, *ganito* lang 'yung kalapit sa akin, isipin n'yo 'yung halos dalawang libong libra ang sasabog sa mismong mukha n'yo. Kita n'yo, sapat na 'yun para magkalasog-lasog kayo, kita n'yo, talagang pupulbusin kayo nun. Kung 'yung ganoong puwersa'y pinasambulat 'yung kay bigat-bigat na bakal na baril at 'yung lalagyan ng bala ay tumilapon pa lampas dun sa markahan ng limampung yarda, at— at 'yung puluhan, dapat sana pala'y nakita n'yo ang nangyari dun sa baril. Hindi na nga mukhang baril, mga pira-piraso na lang 'yun nung pulutin.

<sup>23</sup> At pagkatapos, sa kabila ng nangyaring 'yun, wala akong natamong pinsala. Purihin ang buhay na Diyos! Talagang hindi na ako makakapunta sa pagtitipon nung biglang nagpasabi si Eddie na hindi ko na kailangan pang pumunta sa oras na 'yun. “Kamangha-manghang biyaya, napakasarap sa tainga, na ang isang abang katulad ko'y ligtas!” At ipinababatid nga nito sa atin, na magpasalamat tayo dahil kasama natin ang Diyos. Ang Diyos ay sumasaatin, at labis tayong nagpapasalamat!

<sup>24</sup> Ngayon, nagpasabi po ako kaninang umaga na sa palagay ko'y makakaparito na ako, pagkatapos ang minamahal nating kapatid na lalaki rito nung makabalik ako. . . nagpasabi nga ako kay Kapatid na babaing Wood ngayong araw na ito, na sa palagay ko si Kapatid na Neville. . . tumawag sa akin si Billy at sabi, “Pakinggan mo ang mensahe kung magagawa mo agad.” At sa palagay ko'y may maliit na piraso ng metal na pumasok at bumaon sa ilalim ng mata ko, talagang naiilang ako dun, pero wala na 'yun ngayon. Natanggal na nila nang tuluyan. At kaya ang sabi niya. . . Ngayong gabi naisip kong pumarito, at ang minamahal na kapatid natin sa kanyang pangangaral nang ganoon, alam ko 'yung pakiramdam na may isa kang malaking gawain tapos talagang paos ka, alam n'yo, at—at mahapding-mahapdi ang lalamunan at sumasakit pa. Kaya naisip kong pumarito, at may kinuha ako ritong ilang mga Kasulatan para basahin. Naisip ko, “Gabi ng komunyong.”

Gusto kong magkomunyong sa tuwina.

<sup>25</sup> Hayan nga't may ilan akong mga kaibigan, narito po sila kung saanman. Hindi kasi ako gaanong makakita nang mabuti, gaya nga ng nauunawaan n'yo. May pahid pa rin ng belyadona sa matang ito na namamaga, kaya malabo. Hayan nga't narito po sila, mga kaibigan at mga kamag-anak ng aking minamahal na butihing kapatid, na F. F. Bosworth, na nasa Kaluwalhatian na ngayon. Kaya pagpalain ng Panginoon ang mga taong ito, kapapanalangin lang namin sa kanila dun sa silid sa likod.

<sup>26</sup> Ngayon, huwag n'yong kalilimutan, Miyerkules ng gabi ang ating pagtitipon para sa pananalangin tuwing kalagitnaan ng sanglinggo. At sa palagay ko, si Kapatid na Jackson, ang kanya ay Huwebes ng gabi. At 'yung kay Kapatid na Junior ay sa . . . O, si Kapatid na Ruddell ay Miyerkules naman ng gabi. At ang tabernakulo naman sa Utica ay sa Miyerkules. [Sinasiabi ni Kapatid na Neville, "Sa Huwebes ng gabi."—Pat.] Sa Huwebes po pala ng gabi. At pagkatapos ay dito naman ng Linggo ng umaga para sa pang-kongregasyong gawain.

<sup>27</sup> At kaya naman, sa Linggo ng gabi kailangan kong pumunta kina Kapatid na Ruddell. Sa Miyerkules sana 'yun ng gabi, sa susunod na sanlinggo sana, pero hindi rin naman ako puwede, kaya kailangan kong itapat ito ng Linggo ng gabi. Gayunman sa mga nagsisidalò rito sa tabernakulo, manatili po kayo rito sa tabernakulo, kita n'yo, 'pagkat sasadya ako kina Kapatid na Ruddell para sa isang gabing 'yun para mangusap, hindi para sa gawaing pagpapagaling. Hayan nga't, tandaan n'yo, manatili nga kayo mismo sa tungkuling iniatang sa inyo, dito mismo sa tabernakulo. Ito ang lugar n'yo, kita n'yo. At makaasa tayo ng isang kalugud-lugod na kasiyahan. At kaya naman manalangin po kayong lahat para sa amin habang humahayo kami.

<sup>28</sup> Umaasa tayong katatagpuin tayo ng Diyos sa gabing ito bago lamang ang komunyón. At ngayon sa palagay ko. . . Iyon na lamang ba marahil ang lahat, ng mga pabatid, na kailangan nating malaman? [Sinasiabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Ngayon, bago tayo dumako. . . ["Libing, bukas ng hapon."] Ano uli 'yun, kapatid? ["Libing bukas ng hapon, ng alas dos."] Isang libing. ["Sa Edmonton. Nanay ni J. T."] Oh, oo nga pala. Ang libing ng. . . isa sa kapatid nating ebanghelista sa tabernakulo rito sa atin. . . Buweno, siya'y isa sa atin dito. Humahayo siya at nagpa-pastor at nangangaral, isang Kapatid na J. T. Parnell. Ang katangi-tangi niyang minamahal na nanay ay pumanaw na noong isang gabi, isang munti't, hukot nang, ubanin nang nanay. At sa Edmonton, Kentucky po ito. Bukas na ang gawaing paglilibing. Alam kong marami ang nag-iisip sa inyo, na magpaabot ng mga bulaklak sa kanya, ngunit hindi na natin magawa. Hayan nga't ang tanging paraan para makapagpadala ang iglesya ng malaking buntón ng bulaklak doon, ay itawag sa telepono at ipaubaya sa kartero na makarating ito. At bukas na bukas ay dapat na itong maipadala, makarating man 'yun doon o hindi, 'yung mga bulaklak, kaya alanganin talaga. Gayunman tunay na nais nating makiramay, kapatid, sa pagkawala ng ina ng ating Kapatid na Parnell, na, sa akin man ay nangyari rin kamakailan lang. At tiyak kong si Kapatid na babaing Spencer at maraming iba pang narito ay nakikidalamhati, rin naman, na kamakailan lang ay lumakad din sa ganoong kapanglawan at ganoong kapighatian.

<sup>29</sup> Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali, sa Kanyang Presensya, para sa pananalangin. Ngayon nais kong

idalangin n'yo ako. At medyo hirap nga ako rito ngayong gabi, sinisikap kong makaaninag, at lumalabo ang ilaw rito. At—at maayos naman ang mata ko, pero pinahiran nila ng belyadona ito para padilatin ito. Alam n'yo kung anong pakiramdam nito. At ganoon nga ito nang mga anim na araw na ngayon, kita n'yo, at sinabihan ako ng doktor na baka tumagal pa raw ito ng isa pang linggo o sampung araw. Kaya naman ipanalangin n'yo ako. Tapos dumagdag pa itong alingawngaw ng mikropono rito na tumatama sa pader, kaya ipanalangin n'yo ako. At nakikita ko ang inyong kamay, at maging ng Diyos, na kung may hiling kayo'y basta itaas n'yo lang ang inyong kamay. Ang Diyos, ay tumutugon ng panalangin, habang taimtim tayong nagsasama-sama at nakayuko ngayon.

<sup>30</sup> Makalangit naming Ama, Iyong pinili na magkatipun-tipon kami ngayon. Kalooban ng Diyos na magsama-sama nga kami habang nakikita naming nalalapit na ang Araw, at sa tuwina, Panginoon, ay mailapit namin nang higit ang aming mga sarili sa Iyo at higit na malapit maging sa isa't isa, sa isang bigkis ng pagbubuklod-buklod, sa pamamagitan ng nabubong Dugo ni Jesus na siyang dahilan at naging posible ito.

<sup>31</sup> Lubos kaming nagpapasalamat sa gabing ito, Panginoon. Hindi—hindi—hindi pa ako nakadarama ng ganitong labis na pagpapasalamat na—na makaparito kahit kailan, Panginoon. Ako, ako'y talagang lubos na nagpapasalamat sa Iyo. Sadyang hindi ako makahanap ng mga salita para ipahayag kung gaano akong nagpapasalamat na magkaroon ng paningin at pandinig, at mapabilang sa mga buhay rito sa mundo, para ipagpatuloy ang Ebanghelyo. Dahil po rito'y labis kaming nagpapasalamat, Panginoon, sa panahon ngang 'yan na kitang-kita namin kung gaanong kalapit na lang na . . . Mapapakamot sa ulo ang taong may mataas na pinag-aralan at sasabihin, "Paano nangyari 'yun? Kung di pa naman ba 'yan Kamay ng Diyos!" Hayan nga't aking iniyuyuko ang aking ulo na may pagpapakumbaba, Panginoon, na makita kong ipinagkaloob sa akin ang himala, na ipinamalas ito sa mismong dako kung saan nakatayo ang Iyong lingkod. Lubos akong nagpapasalamat. At ngayon, Ama, muli kong inihahandog ang buhay ko sa pagliligkod sa Iyo, matapos na malagpasan ko 'yun. Hindi ko pa naranasan kahit kailan sa buong buhay ko na mapalapit sa kamatayan gaya nung nangyari, at pagkatapos ay buhay pa rin ako. Kaya ako'y nagpapasalamat.

<sup>32</sup> At ngayon ay dumadalangin ako para sa lahat ng mga narito na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay ngayong gabi, bawat isa sa kanila'y may kahilingan. At marami sa kanila ay may pagpapasalamat, halos lahat, Panginoon, sa kanilang mga puso, dahil sa ginawa Mo rin para sa kanila.

<sup>33</sup> Ngayon naparito kami ngayong gabi upang magkatipon sa isang natatanging okasyon, upang, makibahagi sa tinatawag naming "komunyon," o, ang "Hapunan ng Panginoon." Ang



*Komunyon* ay “makipag-usap, o magsumamo.” At ’yan ang ginagawa namin ngayon, Panginoon, nagsusumamo sa aming Panginoon, nangungusap, nakikipag-usap, naghihintay sa Kanya para sa Kanyang katugunan.

<sup>34</sup> At ngayon, Ama, dumadalangin kaming mangusap Ka rin sa amin ngayong gabi sa pamamagitan ng Salitang nasusulat. At pagkalooban Mo kami ng natatanging bagay sa aming mga puso, patatagin Mo po ang aming—aming—aming paglalakbay, Panginoon, at pagkalooban kami ng bagong lakas ng loob. At pagpalain Mo po ang aming pastor, Panginoon, ang aming minamahal na kapatid, na Iyo pong lingkod, at ang kanyang maybahay at buong sambahayan; at ang mga diyakono at mga tagapangasiwa, at bawat tao na dumadalo sa iglesya. Oh Diyos, lalo Mo pa kaming ilapit sa Iyo. Mangyari nawa, gaya ng sinabi ng makata, “Pagpalain ang taling nagbubuklod sa ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano. Ang ating pakikipagtipan sa iisang kaisipan ay tulad ng sa kaitaas-taasan.” Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Pagpalain Mo ang lahat ng iba pang mga mananamba sa lahat ng panig ng mundo. At ngayon, Ama, pagputul-putulin Mo ang Tinapay ng Buhay sa amin habang naghihintay kami sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong minamahal na Anak, hinihiling namin ito. Amen.

<sup>35</sup> Ngayon, maraming tao ang ugali nang markahan ang mga salitang binabasa ng ministro. At narito. . . Kaninang hapon nga po pala pagkatapos kong lumabas kasama sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Wood. . . Bumisita nga kami para makipagkita sa ating Kapatid na Gobel Roberson, hayon nga’t nakipagkita kami, dun sa kanyang silid-tanghalan. Pagkatapos bumalik na kami, at naisip ko. . . Nabanggit sa akin ni Kapatid na babaing Wood kung gaanong kainam ang iminensahe ng ating pastor kaninang umaga. At mangyaring naisip kong ang kaawa-awang munting lalaki, ay baka masakit ang lalamunan, at kahit ako’y masakit din, pero aking—aking naisip na parehas na lang kaming ganito, marahil, kung hihilingin niya sa akin na magsalita. At itinala ko ang ilang mga bagay rito na nais kong ipangusap.

<sup>36</sup> Bago ang lahat, bumuklat tayo sa Ikalawang Mga Taga-Corinto 6:7 hanggang 10. Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-6 na kabanata, ika-7 talata at ika-10, ang buong nilalaman n’yan. At pagkatapos sa Genesis 14:18 hanggang 19. At hahango ako mula riyon, kung loobin ng Panginoon, ng isang kon-. . . o isang konteksto mula sa teksto. At ngayon magbabasa ako mula sa Unang. . . o mula sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, dito muna, Ikalawang Mga Taga-Corinto 6:7 hanggang 10.

*Sa salita ng katotohanan, sa kapangyarihan ng Dios, sa pamamagitan ng mga sandata ng katuwiran sa kanan at sa kaliwa,*

*Sa pamamagitan ng karangalan . . . ng kasiraang puri, at sa pamamagitan ng masamang ulat at ng mabuting ulat: gaya ng mga magdaraya, gayon ma'y mga mapagtapat;*

*Waring hindi mga kilala, . . . gayon ma'y mga kilalang mabuti; tulad sa nangaghingalo, at, narito, kami ay nangabubuhay; gaya ng mga pinarurusahan, at hindi pinapatay;*

*Tulad sa nangalulungkot, gayon ma'y palaging nangagalak; tulad sa mga dukha, gayon ma'y nangagpapayaman sa marami; at gaya ng walang anomang pagaari, gayon ma'y mayroon ng lahat ng mga bagay.*

Genesis 14:18 at 19.

*At si Melquisedec, na hari sa Salem, ay naglabas ng tinapay at alak: at siya'y saserdote ng kataastaasang . . .*

*At binasbasan niya si Abraham, na sinabi, Pagpalain si Abraham ng kataastaasang Dios, na may-ari ng langit at ng lupa:*

<sup>37</sup> At kung bibigyan ko ng pamagat ang teksto, nais kong mangusap sa paksang, ang . . . *Pagmamay-ari Ng Lahat Ng Mga Bagay*. Gaya nga rito sa Mga Taga-Corinto, tayo . . . sinabi Rito na tayo ay—ay mga dukha, gayunman ay mayroon ng lahat ng mga bagay. *Pagmamay-ari Ng Lahat Ng Mga Bagay*. Ngayon, gusto ko 'yan. Ngayon nabasa natin sa Genesis na nakatagpo ni Abraham ang dakilang taong ito na tinawag na Melquisedec, na May-ari ng Langit at maging ng lupa. Kung gayon, Siya ang May-ari ng lahat ng mga bagay, May-ari ng Langit at ng lupa, 'yun nga'y, ng lahat ng mga bagay.

<sup>38</sup> Ngayon, alam na natin ang kuwento ni Abraham at kung anong nangyari. Tinawag siya patungo sa isang—isang dako ng tungkulin. Tinawag siya palabas ng kinagisnan niyang lupain, ang lupain ng mga Caldeo, sa bayan ng Ur, kung saan naroon siya nang matagal na panahon kasama ang kanyang ama at ang kanyang kamag-anakan. At nasa mga libis 'yun ng Shinar, marahil isang mayaman at matabang lupain. At si Abraham, gaya ng pagkakaunawa natin, hindi siya kung sinong katangitanging tao sa paningin ng sanlibutan. Hayan nga't, hindi siya hari, o monarka man, o isang malaking namumuno. Isa lamang siyang pangkaraniwang tao. At ang napangasawa niya'y ang kapatid niya sa ibang magulang, na si Sarah, na marahil ay batang-bata pa nung kanyang pakasalan. At tinawag siya ng Diyos sa edad na sitenta y singko, tinawag sa isang buhay ng paglilingkod, at kasama rin dito ang kanyang katuwang.

<sup>39</sup> At dito mismo'y makapagsisimula tayo. Naniniwala akong kapag tinawag ng Diyos ang isang lalaki sa paglilingkod, kung siya'y kasal na lalaki at may katuwang, Kanyang tatawagin din

ang asawa nitong babae kasama niya, sapagkat silang dalawa ay isa. At kaya, pagkatapos, natuklasan nating di naglaon ay posible sanang pinatay ng Diyos si Sarah noong kanyang pag-alinlanganan ang mensahe nung Anghel, makalipas ang dalawampu't limang taon, noong nakaupo sila sa ilalim ng puno ng encina nung araw na 'yun, hayan nga't noong tumawa siya nung sabihin sa kanya ng Anghel, o sinabi kay Abraham na siya'y magiging ina, at tumawa nga si Sarah sa loob niya at ang sabi pa, "Papaanong mangyayari 'yan sa akin, aba'y matanda na ako?" Nobenta anyos na, at ang asawa niya'y siyento anyos na. Ang kanyang . . . ang kanyang sinapupunan ay natuyo na nang maraming taon, at ang kanyang katawan ay mistulang patay na. Kaya papaano pa siya magtatamo ng kaligayahan sa kanyang asawa muli? At tumawa nga siya sa loob niya.

<sup>40</sup> At 'yung anghel, na nakatalikod sa tolda, ang sabi, "Bakit tumawa si Sarah?"

<sup>41</sup> At itinanggi niya 'yun. Ngayon, katumbas nga 'yan ng pagpaparatang sa Diyos sa Kanyang harapan na Siya'y "mali." Kita n'yo? At kinuha na sana nung oras na 'yun ang buhay niya, subalit hindi maaaring kunin ng Diyos si Sarah, sapagkat bahagi siya ni Abraham. Kita n'yo? At kasama niya ito sa tipan, kaya kailangan nitong humayong kasama niya. Kaya hindi Niya maaaring kunin si Abraham . . . o kunin si Sarah, na hindi kinukuha ang bahagi ni Abraham, dahil ang dalawang ito ay isa.

<sup>42</sup> Isa nga 'yang napakagandang tipo natin ngayon, mga hindi karapat-dapat, karapat-dapat sa kamatayan dahil nagkasala tayo, subalit hindi tayo maaaring patayin ng Diyos, sapagkat Kanyang . . . bahagi tayo ni Cristo. Kita n'yo? Iyan ang ating biyaya, sapagkat kaisa tayo ni Cristo. Hindi ba't kay gandang isip-isipin 'yan, pakikipag-isa kay Cristo? Kaya naman, ang ating mga kasalanan, kapag nagagawa natin ang mga ito, nararapat lamang na ating ipahayag ang mga ito kaagad, na "mali ang mga ito," sapagkat kukunin ng Diyos ang ating buhay. Ngunit sumasagot ang Dugo sa ating lugar, at hindi maaaring ipagsawalang-bahala ng Diyos ang Dugong 'yun. Kita n'yo? Sadyang hindi Niya magagawa 'yun, sapagkat isa 'yung pangako na hindi Niya gagawin 'yun. Kaya hindi Niya maaaring baliin ang Sarili Niyang pangako. Kita n'yo? Kaya nangako ang Diyos sa Kanyang Sarili, hayan nga, at natatali roon. Kita n'yo, hindi Niya maaaring baliin ang Kanyang pangako. Hayan nga't ipinangako Niya Ito sa pamamagitan ng Dugong 'yun, na ang sinumang sumampalataya ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi Niya maaaring baliin ang pangakong 'yun.

<sup>43</sup> Hayan nga't nakita natin si Abraham, sa pagsunod, iniwan niya ang kanyang tahanan, iniwan niya ang kanyang lupain, at humiwalay sa lahat, lahat ng kanyang panlupang pag-aayos, o pag-aari ang ibig kong sabihin, upang maglakbay sa ibang bayan, makipamayan. Isang tipo ng Iglesya. Hiniling sa atin na

talikuran ang lahat ng bagay na nasa sanlibutang ito, upang sumunod kay Cristo.

<sup>44</sup> Ngayon, nakita natin si Abraham na sumunod naman, at lumipas ang mga taon. At dinala nga niya para sumama sa kanya ang ilang bahagi niya, ang kanyang ama, na namatay rin kaagad. At maging ang kanyang pamangkin, na si Lot, isinama niya pero inihwalay ni Lot ang kanyang sarili dahil sa di pagkakaunawaan, at pumaroon upang manirahan sa Sodoma, gayunman bahagi siya ni Abraham. At ibinigay ng Diyos ang lupain at ang lahat ng nasa lupain, kay Abraham, kanya ngang minana ang lahat ng 'yun. Sinabi ng Diyos, "Tumingin ka sa silangan, kanluran, hilaga, at timog, at ang lahat ng ito ay pag-aari mo at ng iyong binhi pagkatapos mo. Sa iyong lahat 'yan!"

<sup>45</sup> Ngayon, dumating 'yung araw na para bang hirap na hirap si Abraham, at si Lot nama'y pasarap-sarap, nagtatampisaw sa kasalanan. Hayan nga't napakasarap at tila kahalina-halinang tingnan ang kasalanan, hayan nga't di naman ito delikadong tingnan. Ngayon, sabihin man ni Lot ang ganito na, "Hangga't sumasampalataya ako! Sumasampalataya ako sa Diyos, bakit naman di ako puwedeng pumarito sa Sodoma, hayan—hayan nga't magiging ayos lang ang lahat. Mananampalataya naman ako." Subalit hindi naging maayos ang lahat.

<sup>46</sup> Nakita n'yo na, ang Diyos, nung tawagin Niya si Abraham, Kanyang tinawag siya upang ibukod niya ang kanyang sarili mula sa lahat ng bagay. At ganyan na ganyan ang dapat nating gawin. Tinatawag tayo ng Diyos para ganap na humiwalay sa kasalanan, "Magsialis kayo sa piling nito, huwag na huwag kayong makibahagi rito!" Layuan n'yo ito, ang mismong anyo ng kasamaan. Humiwalay, ganap na mapuksa mula rito! Manatili kayong malayo rito. Huwag n'yong lalakaran ang mga nasasakupan nito, kahit gaano pa—gaano pa itong... kainam tingnan.

<sup>47</sup> Kayong mga narito, maaaring naiisip n'yo ito ngayon, 'yung ganito, "Kapatid na Branham, ako—ako nga'y natutukso kung minsang magnakaw, o natutukso kung minsang manigarilyo." O kung minsan ay naiisip ng mga kababaihan, "Natutukso akong manamit na gaya ng mga nasa sanlibutan, alam n'yo, nagsusuot ng mga imoral na damit at gayong mga bagay. Ako nga'y natutukso," hayan nga mga kadalagahan. Ngayon, iniisip n'yong nakakatukso na agad 'yun, papaano pa kaya rito kung saan kailangan n'yong bantayan ang bawat katiting n'yong kilos, kita n'yo, dito sa pagmi-ministryo. Anong higit pang katinding bagay sa dako rito, at anong higit ang kailangan nilang panagutan. Sapagkat, sa inyo ang inyong mga sarili lang ang pananagutin sa sari-sarili n'yong mga kaluluwa, subalit kami'y kailangang managot sa bawat isa na pinangungusapan namin. Kita n'yo? Hayan nga't si Satanas ay walang tigil... Buweno, sasabihin n'yo, "Hindi ba't kay ganda naman nitong

munting bestidang ito? Talagang mali namang isuot ito, pero hindi ba't kay ganda nito? Saktong-sakto pa naman ito sa akin." Kung sa katayuan ko lang . . . Ngayon, 'yang gaya n'yan, alam n'yo kung mali ba 'yan. Pero sa isang ministro'y ganito, "Pupunta ka sa pagtitipon na ito rito, aakalain mong 'yun na talaga 'yun. Sabi nila napakarami, ng kongregasyon." At gayunman kailangan n'yong maghintay na marinig na sabihin ng Diyos na "humayo ka," kita n'yo. "Oh, maaari ka bang pumarito at katagpuin ang taong ito rito? Si *ganito-at-ganoon* ito." At kailangan n'yong magmatyag, mag-ingat. Kita n'yo? Oh, napakatuso nito. Hayan nga't kailangan naming bantayan ang gayong mga bagay.

<sup>48</sup> Ngayon, kinailangang magbantay ni Abraham, din naman. Hayan nga't siya, imbes na magtungo roon sa Sodoma kasama ni Lot, humiwalay siya at namalagi sa ilang, pinili ang daan kasama ng mga kakaunting itinakwil nang dahil sa Panginoon. Ganoon dapat ang gawin natin. Piliin ang daan kasama ng mga pinili ng Diyos kahit na mahirap man o magaan, pumunta pa rin kayo. Maging handa kayong humayo kahit na anong oras, ngayon, saan man Niya kayo tawagin.

<sup>49</sup> Ngayon, pagkatapos nito, hayan nga't may—may dumating na hari na nakipagdigma sa isang maliit na tribo ng mga tao roon, at winasak ang buong kapatagan at tinangay ang lahat ng mga maliliit na grupo, maliliit na kaharian, at tinangay sila, nakarating ng Sodoma at tinangay ang hari ng Sodoma at Gomorra, at tinangay si Lot (na pamangkin ni Abraham), ang kanyang asawa, ang kanyang mga anak na babae, ang kanyang mga anak, lahat sila, at ang lahat ng kanilang mga ari-arian, ang lahat ng pagmamay-ari nila, nagpatuloy sa pananamsam ang haring 'yun, nangungulimbat sa bawat lalawigang kanyang madaanan. Oh, anong kahindik-hindik na bagay, ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan! Napagtanto ni Lot, tiyak 'yan, habang siya'y naglalakad doon at marahil ay may—may lubid pa o tanikalang nakapaikot sa kanyang leeg, na gaya ng isang alipin; ang mga anak niya, mga bata pang babae ay pagsasamantalahan; at ang kanyang asawa, at lahat na, at baka mamatay nang anumang oras. Kapag sumuway siya sa isang utos, ay marahil ipatapon siya sa isa pang kaharian kung saanman upang maging alipin sa nalalabi pa niyang mga araw sa kanyang buhay.

<sup>50</sup> Subalit si Abraham, noong malaman niyang dinukot si Lot, na bahagi ng pag-aari ni Abraham. At maaaring nasalita ni Abraham ang ganito, "Diyos, sinabi Mong kung susundin Kita at paririto, sa lupaing ito, ay ipagkakaloob Mo ito sa akin. Na sa akin talaga ito. At si Lot ay bahagi nito, at ililigtas ko siya." Kaya nagkampo siya, o tinipon niya ang kanyang mga alipin, at inarmahan niya sila ng sandata. At dinala niya ang kanyang mga alipin, at humayo hanggang sa mahabol niya at masukol

ang haring ito kasama ang lahat ng maliliit na mga kaharian. Tingnan n'yo kung gaanong kakapangyarihang hukbo sila noon! Subalit sa ilalim ng pangunguna ng Diyos, na Punong Heneral, ibinukod niya ang sarili niya, at nilusob niya sila at nilipol ang mga hari, at ipinanumbalik si Lot at ang lahat ng mga maliliit na kaharian, sila'y naibalik sa kanila, sa kanilang tinatahanang lupain muli.

<sup>51</sup> Anong dakilang larawan ni Cristo kay Abraham doon, na dumating pagkatapos na samsamin ng kalaban ang lahat-lahat, hayan nga't dumating si Cristo at ipinanumbalik tayong muli.

<sup>52</sup> Ngayon natuklasan natin sa dakilang kuwentong ito na si Abraham, sa daan niya pabalik, pagkatapos ng pananagumpay, nakasalubong niya ang May-ari ng Kalangitan at lupa, si Melquisedec, na siyang Hari ng Jerusalem, Hari ng Salem, na samakatwid ay Jerusalem, na Hari ng Kapayapaan, na Hari ng Katuwiran. Wala Siyang ama, wala Siyang ina, hindi Siya nagpasimula at hindi kailanman Siya magwawakas, kaya wala nang iba pa 'yun kundi ang Pinakamakapangyarihan sa lahat. At sinalubong Siya nito sa daan pauwi, mula sa paglipol sa hari. Nakasalubong niya ang May-ari, Yaong Siya na may-ari ng lahat ng mga bagay ay sinalubong siya sa daan niya pauwi. Napakadakilang bagay! Ngayon si Abraham . . .

<sup>53</sup> Gusto ko ito. Si Abraham ay tagapagmana ng lahat-lahat, sa pamamagitan ng pangako, na maaari niyang angkinin ang lahat ng bagay na nasa lupain, at maging ang lupain mismo. Si Abraham ay pinagkalooban ng ganoong pangako. Ngayon, napag-uunawa nating si Abraham ang pinakamahirap na tao sa buong bansa, dahil sa ilang siya naninirahan, at payapang namumuhay kasama ng Diyos. Samantalang si Lot, mayaman, naninirahan sa siyudad at naging punong tagapamahala ng bayan; nauupo siya sa pintuang bayan, isa siyang hukom, at pinaghuhukuman ang bayan, at nasa kanya na ang lahat ng kayamanan at gayong mga bagay. Samantalang nasa ilang si Abraham, at siya'y . . . marahil ang pinakamahirap na tao sa buong lupain, at sa kabila nun may pag-aangkin na ariin ang lahat-lahat. Amen! Iyan ang gusto ko.

<sup>54</sup> Oh, ngayong gabi, maaaring hindi tayo mayaman sa mga bagay ng sanlibutan, ngunit nagmamay-ari tayo ng lahat ng mga bagay. Ang Iglesya, Mismo, ay nagmamay-ari ng lahat ng mga bagay. Bagama't dukha, sa kabila n'yan ay mayaman at nagmamay-ari ng lahat ng mga bagay. Gustong-gusto ko 'yan. Siya . . . Tayo—tayo nga. Yaong lumang awitin na dati nating inaawit maraming taon na ang nagdaan, “Ang aking Ama'y mayaman sa pananahanan at kalupaan, sa Kanyang kamay ay Kanyang tangan-tangan ang yaman ng sanlibutan! Mga rubi't mamahaling bato, at pilak at ginto, ang Kanyang mga kaban ay punung-puno, Kanyang kayamanan di malirip di masayod.” At tayo ang nagmamay-ari nun, sapagkat mga anak tayo ng Hari.

Amen. Ang anak ay siyang laging nagiging tagapagmana, alam natin 'yan. Buweno.

<sup>55</sup> Maaaring angkinin 'yun ni Abraham, bagama't dukha, ang kanyang bakahan nga'y nagugutom; si Lot nama'y sinaklaw ang pinakamainam na dako. Nagkukulang na sa patubig. Mainit ang mga araw, at ang mga pastol ay nasasangkot sa gulo, at tila ba nagkakanda hirap-hirap na si Abraham, ngunit sa kabila n'yan ay pag-aari niya ang buong bagay.

<sup>56</sup> At, sa panahon ngayon, ang tunay na mananampalataya ay itinatakwil sa gitna ng mga tao, tinatawag na isang "panatiko, holy roller," o kung anu-anong panlilibak na bansag, isa raw panatiko sa relihiyon, at gayunpaman tagapagmana ng buong Kalangitan at lupa. "Mapapalad ang maaamo, mamanahin nila ang lupa." Oh, grabe! Hayan nga't mararanasan n'yong tumira sa isang kubo o kung saan man, at halos walang sapat na salapi para bayaran ang iyong upa, gayunman pag-aari mo ang lahat. Amen. Kailangang magbanat ng buto at magpagal at magpawis para sa kakarampot na dolyar, upang kumita . . . kumita nang marangal, upang masapatusan ang paa ng inyong mga anak, at masubuan ng pagkain ang kanilang mumunting nagugutom na labi, at sa kabila n'yan ay nagmamay-ari pala, tagapagmana ng lahat ng bagay na narito. "Mamanahin ng maaamo ang lupa." Pag-aari kasi nila ito. Oh, naku, gusto ko 'yun! Nagmamay-ari nga ng lupa! Ang ano? Ang mananampalataya. May hawak na titulo ang mananampalataya, katibayan ng pag-aari, siyanga, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na "Siya ang magmamay-ari ng buong sansinukob." Siyanga. "Mamanahin ng maaamo ang lupa."

<sup>57</sup> Si Abraham nga'y—nga'y, maaari nga niyang angkinin ang lupaing 'yun, maging . . . yung kung ano ang nilalaman nun. Ibinigay iyon ng Diyos sa kanya. At bahagi si Lot ng lupaing 'yun. Kaya may karapatan doon si Abraham. Puwede niyang—puwede niyang angkinin o kunin 'yun. Sabi nga niya, "Ngayon, Diyos, pinangakuan Mo ako, na ang mismong lupaing ito at ang lahat ng naririto ay akin, hayan nga't nangako Ka. Ngayon ang kamag-anak ko'y tinangay, at ang lahat ng mayroon siya ay tinangay rin."

<sup>58</sup> Sa ibang salita, kung gagamitin mo ito sa panahon ngayon, sasabihin ko, sasabihin ng Iglesya, "Panginoong Diyos, narito ang aming kapatid, nararatay po siya rito, pinahihirapan ng kanser, pinahihirapan ng tuberculosis, siya'y may *ganito-at-ganoon*. Nananangan ako sa pangako, na pag-aari ko ito. Iyo ngang, Iyo ngang sinabi sa akin na gayon nga!" Amen! Hayan nga. Hayan nga't, pagkatapos ay maaari n'yo nang tugisin ang kaaway na 'yun, ang diyablong 'yun, at lipulin ito na katulad nga ng paglipol ni Abraham sa mga hari at ipinanumbalik ang kanyang pag-aari. Amen. Gustong-gusto ko nga 'yan. Ito'y para sa mananampalataya.

<sup>59</sup> Bagama't may karapatan si Abraham sa pangako, at kanya talaga ang pangako, kahit na ganun ay kailangan niya munang makipaglaban bago maangkin ito nang tuluyan. Amen. Ganoon nga. Ang mananampalataya ngayon, bagama't tagapagmana tayo ng lahat ng mga bagay, bagama't tagapagmana tayo ng bawat espirituwal na pagpapala, bawat pisikal na pagpapala, bawat pagpapalang ipinangako ng Biblia, kinakailangan mong ipaglaban ang bawat pulgada nito. Ganoon ang pagkakaayos ng Diyos dito. Noon pa man ay ganoon na ito. Kailangan mong makipaglaban upang maangkin ang batid mong pag-aari mo. Kailangan mong makipaglaban para maangkin mo ito. At 'yan na 'yan ang kailangan nating gawin ngayon.

<sup>60</sup> Sasabihin n'yo marahil, "Kapatid na Branham, kailangan ko ng kagalingan."

<sup>61</sup> Aba'y nasa inyo na po ang pangako. Subalit, kung kukunin n'yo ito, hindi nga 'yun magiging madali, sinasabi ko sa inyo. Kinakailangan n'yo itong bawiin mula kay Satanas. Binibihag ni Satanas ang kalusugan n'yo, may karapatan nga kayong humangos kay—kay Satanas, sabihing, "Ibalik mo 'yan! Akin na 'yan! Pumaparito ako sa Pangalan ng Panginoon, ang May-ari ng Kalangitan at lupa, at ako'y tagapagmana Niya. Ibalik mo 'yan! Tinangay mo ang anak ko, napagkamalan mo lang siya na ibang lalaki. Tinangay mo ang anak kong lalaki at inakala mong siya na gayong ibang babae dapat. Inaangkin ko sila! Siyanga. Inaangkin ko ang mga anak ko, inaangkin ko ang aking kapatid na lalaki, inaangkin ko ang aking kapatid na babae. Oo, Satanas, tinangay mo sila mula sa bahay ng Diyos, hinimok mo sila palayo roon, subalit binabawi ko na sila ngayon din. Inaangkin ko sila.

"Buweno, paano mo nasabi?"

<sup>62</sup> "Tagapagmana ako ng lahat ng mga bagay. Amen. Ibinigay ito sa akin. Tagapagmana ako, maaari kong angkinin ang lahat ng ipinangako ng Diyos sa akin." Amen. Ganoon nga. "Akin ito." Paano n'yo 'yun nakamit, sa pamamagitan nga ba ng kung anong bagay na ginawa n'yo? Hindi, po. Ipinagkaloob sa atin ito ng Diyos gayong hindi tayo karapat-dapat para rito, at atin ito, pag-aari natin ito. Hindi ito maaaring salingin ni Satanas kung hahangos ka sa kanya sa—sa makapangyarihang Salitang nababatay sa Kasulatan, na sinamahan ng pananampalataya, na iyong masasambit, "Akin 'yan! Bitiwan mo 'yan." Amen. Luwalhati! Gustong-gusto ko 'yun. "Satanas, bitiwan mo 'yan. Inagaw mo 'yan sa akin. Ibalik mo na, hayan nga't papakitaan kita ng kasulatan. Mayroon akong kasulatang nakasulat dito mismo sa Salita. 'Ang Kalangitan at lupa ay lilipas, datapat ang kasulatan ay hindi lilipas.' Kaya naparito akong dala-dala ang kasulatang ito, para ipakita sa iyo, na sinabi ni Jesus Cristo na anumang hingin ko sa Ama sa Kanyang Pangalan ay ipagkakaloob Niya sa akin. Kung sasabihin ko sa bundok na ito, 'malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa aking puso, kundi



manampalataya na ang sinabi ko ay mangyayari, ay kakamtin ko ang sinabi ko. Bitiwan mo 'yan!" Magugulantang siya nun. Hindi lang siya magugulantang, kakaripas pa siya ng takbo. "Bitiwan mo 'yan, dahil naparito ako na may kapangyarihan na nababatay sa Kasulatan. Ako ay isang mananampalataya." Nakuha n'yo? Ganoon, nga. Ganoon, nga.

<sup>63</sup> Ano uli ang kinailangan niya munang gawin, ni Abraham, upang maisakatuparan ito? Kinailangan niyang ilagak ang kanyang pananampalataya sa matatag na batong kinasasaligan ng Salitang ipinangako ng Diyos. Tingnan n'yo, ang tanging mayroon lang siya ay maliit na grupo ng mga alipin, baka nasa isang dosenang mga lang. At sila roon ay marahil may libo-libong kalalakihan, naarmahan ng sandata. At ang mga tauhan niya ay hindi naman mga sundalo, sila nga'y mga alipin, mga pastol ng baka, mga pastol ng tupa, mga tagapastol; baka mga luma't nangangalawang na mga kutsilyo na napulot nila kung saan ang bitbit nila, at inilapag nila. . . roon, at nung mabasa nung nag-uuulan, ay nangalawang ang mga 'yun. Subalit hindi nakatingin si Abraham sa nangangalawang na kutsilyo, o 'yung wala silang magamit na kalasag. Inilagag niya ang kanyang pananampalataya sa Salita ng Diyos. Ganoon nga. Ganoon nga ang nangyari. Ganoon nga.

"Paano mo sila lalabanan pagdating n'yo roon?"

<sup>64</sup> "Hindi na ako ang mag-aalala nun. Ang aalalahanin ko'y mailagak ang pananampalataya ko sa kung ano ang sinabi ng Diyos. Sa akin 'yun, kukunin ko kung ano ang pag-aari ko." Amen. Ngayon, kapag makikita lamang 'yun ng mga taong may sakit, tapos na sa sandaling 'yun ang karamdaman. Kita n'yo? Siyanga.

<sup>65</sup> Kung makita lang sana ng isang makasalanan na hindi n'yo naman pala kailangang magkasala! Marami riyan, nakagagawa ng kasalanan dahil kailangan daw nilang magkasala. Kaawa-awang kalagayan ang ganyan kapag sinasabi n'yong inyong "kailangang magkasala." Subalit kung mapagtatanto n'yong hindi n'yo naman pala kailangang magkasala pa! May mga tao kasing basta na lang tumatayo at manunuya at tatawanan kayo nang harapan, at—at tatawagin kayong "hangal" at lahat na ng kung anu-ano pa, sila ay nananadyang magkasala. Kita n'yo, hayan nga't wala nang kahit anong pag-asa pa para sa kanila. Subalit ang tao namang nakakagawa ng ilang bagay sa tuwi-tuwina, pero ayaw nila sanang makagawa ng ganun. Siya'y—siya'y makapag nanakaw, pero labag 'yun sa kanya. At siya'y makapag sisinungaling, pero di niya 'yun talaga ginusto. Siya'y—siya'y makagagawa ng mga bagay na di niya—niya ginustong gawin, hayan nga't ayaw niyang maging isang makasalanan. May pag-asa para sa kanya kung maipapakita n'yo sa kanya kung ano ang Katotohanan. Kita n'yo? Lumapit ka sa pangako ng Diyos at ilagak n'yo ang inyong pananampalataya roon, at

pumaroon kayo sa kaaway. Sadyang hindi na niya hahawakan pa 'yun nang matagal, ganoon nga, dahil sa inyo talaga 'yun.

<sup>66</sup> Ngayon, tingnan natin ang lalaking ito ngayon. Sinabi rito ni Abraham, "Ako'y tagapagmana. Pag-aari ko ito, ang lahat ng mga bagay sa lupaing ito ay pagmamay-ari ko. Sapagkat ang Diyos . . . Hindi ko man ito hawak sa kasalukuyan." Subalit nasa kanya naman talaga 'yun, kanya talaga 'yun, kahit anong mangyari.

<sup>67</sup> Ngayon tayo'y mga tagapagmana ng lahat ng mga bagay. Tama nga ba? Tayo'y mga tagapagmana ng lahat ng mga bagay. Sinabi ng Biblia na ganoon nga. Tayo'y mga tagapagmana ng lahat ng mga bagay, lahat-lahat. Hindi pa man natin ito hawak sa kasalukuyan, subalit atin talaga ito. Amen. Oh, luwalhati! Wala akong pag-aari ni isang pulgada man ng lupain, subalit akin lahat ito, ganoon nga. Siyanga. Atin itong lahat, pag-aari ng bayan, ng Iglesia, ng mga mananampalataya, pag-aari ng Nobya ni Cristo ang bawat katiting nito. Nakikipaglaban ang Rusya para sa isang ito, nakikipaglaban ang Estados Unidos para roon, at nakikipaglaban naman ang isang ito para rito at rito sa dako roon, at tapos babansagan nila tayong "baliw." Maupo lang kayo, kayo naman ang nagmamay-ari nito, ganoon nga. Amen. Tayo rin naman ang magmamana ng lahat ng ito, sa huli, kaya hayaan n'yo silang magtalo-talo at magbombahan sa isa't isa. Sa atin ito. Tayo ang magkakamit nito. Ni hindi nila aakalain 'yun, subalit mapapasaatin talaga ito, sa huli. Ganoon nga ang mangyayari, sa huli!

<sup>68</sup> Sinong mag-aakalang 'yung hamak na matandang dukhang lalaki roon sa itaas, na 'yung mga bakahan niya'y buto't balat, at nangangayayat sa ituktok ng burol, ang may-ari ng lahat ng 'yun? Ang buong Palestina ay kanya. Siyanga, po. Kaya nga noong sumapit siya sa isang dako ng pagtutuos, pinatunayan ng Diyos na kasama Siya ng lalaking 'yun. Nagsama lang ang naturang lalaki ng kakarampot na kalalakihan at lumusob dun at nilipol ang bawat kalaban na naroon, at binawi pabalik ang kanyang pag-aari. Amen. Gustong-gusto ko talaga 'yun. Bakit? Inilagak ng naturang lalaki ang kanyang pananampalataya sa Batong pangako ng Diyos. Ganoon dapat. Hindi siya nagtayo ng panibagong pagsasaligan, o pumaroon at umanib sa isang organisasyon o umasa sa bagay na gaya nun. Inilagak niya ang kanyang pananampalataya sa Pangakong 'yun! Amen. Ganoon nga, sa Pangakong 'yun, at mula roon ay nagmartsa siyang pasulong! Nangangalawang ang tabak o di nangangalawang ang tabak, wala 'yung kaibhan, ang pananampalataya niya'y nakalagak sa Pangako.

<sup>69</sup> Hayan nga't sa tuwing lumalapit kayo para maipanalangin, kung ang nais n'yo man ay kaligtasan, kung ang nais n'yo man ay Makalangit na kagalingan, kahit ano pa 'yan, kung isa kayong mananampalataya, tagapagmana nga kayo ng bawat pangako.

Kaya ilagak n'yo ang inyong pananampalataya dun sa pangako at magmartsang pasulong, at sabihin kay Satanas, "Ibalik mo 'yan! Ibalik mo 'yan! Sa akin 'yan." Huwag n'yong hayaang sindakin niya kayo. Tumayo kayo mismo riyan sa linya, ibabalik niya 'yun. Sinabi ng Diyos na ibabalik nga niya, kaya gagawin nga niyang talaga 'yun. Iyong kapamahalaan 'yan. Siyanga, tagapagmana ng lahat ng bagay!

<sup>70</sup> Nanatili siya dun sa kinasasaligang 'yun, sa ipinangakong Salita, at nagkaroon siya ng mana. Siya kasi ang tagapagmana, kaya alam niyang ganoon nga. Ganoon nga, po, matapos na pagtibayin sa kanya ang pangako, nakasama niya pagkatapos ang Nangako (gusto ko 'yun) pagkatapos na mangako ng Diyos. At hayan nga't, kita n'yo, hindi pa kailanman nagkakaroon ng pagsubok noon si Abraham, kaya naman . . . ng ganung klaseng pagsubok. Hayan nga't batid niyang pagmamay-ari niya ang lahat ng 'yun, at 'yun nga ang pangako, subalit hindi pa siya kailanman nasusubukang lumaban sa isang hukbo. Wala nga siyang kaalam-alam tungkol dun. Hindi—hindi naman kasi siya isang lalaking sinanay sa pakikipaglaban. Hindi mandirigma si Abraham, isa siyang magsasaka. At wala namang magagawang anuman si Abraham, sapagkat di naman siya—di naman siya isang sundalo. Maging ang mga tauhan niya'y di naman mga sundalo, mga magsasaka sila. Kaya ang magagawa lang niya'y manalig sa pangako ng Diyos, ilagak ang pananampalataya niya sa pangako at humayo, tuntunin 'yun. Pagkatapos noong matunton ni Abraham 'yun, at matamo ang pangakong 'yun, at malaman na pinagtibay 'yun ng Diyos sa kanya, na hayan nga't Siya'y tumutupad sa Kanyang pangako . . . Amen! Ganoon nga ang nangyari.

<sup>71</sup> Kung hindi n'yo pa natatanggap ang Espiritu Santo, wala pang kahit anong nalalaman tungkol Dito, subalit may kung anong bagay sa puso n'yo na nagsasabing ninanais n'yo Ito, manatili kayo roon mismo. Iyan ay Walang Hanggang Buhay, iyan ang mamamahin n'yo. Manatili kayo mismo riyan, at titigan n'yo mismo si Satanas sa mukha at sabihin, "Ikaw ang magnanakaw, ikaw nga! Sumadya ako rito upang angkinin ang bagay na narapat na para sa akin na dahilan kung bakit namatay si Jesus Cristo, ngayon ibigay mo na ito! Lumayas ka sa aking daanan!"

<sup>72</sup> Pagkatapos, malalaman mo na lang, bubuhos na ang Banal na Espiritu sa iyo. Pagkatapos ay may bagay na mangyayari. May mangyayari nga. Ano 'yun? Patototohanan nga ng Diyos na tinutupad Niya ang Kanyang Salita. Ganoon na nga mismo. Pagkatapos, kita n'yo, pagkatapos n'yong makita na ang Salita ay pinatotohanan sa inyo, na kayo ay ligtas na, na natamo n'yo na ang Banal na Espiritu, pagkatapos ano na? Nakamtan nga ni Abraham ang tagumpay, hayan nga siyang nagmamartsa pabalik; pabalik na siya, habang ang pananampalataya niya'y

nakalagak sa Salita na may kakayahan siyang panumbalikin 'yun, 'yung kung anong nawaglit niya, at hayan na nga siyang nagmamartsa pabalik dala-dala na 'yun, umuusad sa martsa ng pananagumpay. Maging kayo'y magagawa rin n'yo 'yan. Kung wala pa kayong Buhay na Walang Hanggan, hilingin n'yo sa Diyos. Ipahayag n'yo ang inyong mga sala, sumampalataya sa Anak ng Diyos, tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu, at sabihin, "Diyos, lumalapit ako para sa bagay na Ito, narito po ako para tanggapin Ito." Pagkatapos ay makababalik na kayo, ng may martsa ng pananagumpay. Natamo n'yo na Ito. Amen. Sadyang may kasiglahan, grabe, mas gumanda ang huni ng mga ibon, at ang lahat ng . . . Mahal mo na ang lahat ng mga tao. Ang dating pagkamuhi, masamang pag-iisip, pagkakampi-kampi ay naglaho na nang tuluyan. Mahal mo na ang lahat! Oh, sadyang napakaganda ng iyong pakiramdam, umaawit ka sumisigaw, nagpupuri sa Diyos. Di mo alintana kung anuman ang sabihin ng iba tungkol sa inyo. Ayos lang 'yun. Tunay nga, na nasa martsa ka ng pananagumpay!

<sup>73</sup> Pagkatapos Sinong naparoon para sumalubong sa kanya? Sinong naparoon para sumalubong sa kanya? Si Melquisedec. Naparoon nga si Melquisedec para katagpuin siya matapos na patotohanan niya ang kanyang Salita. Si Melquisedec Yaong nagbigay sa kanya ng Salita. Pagkatapos kanyang inilagag ang kanyang Salita . . . ang kanyang pananampalataya sa Salita, natamo niya ang tagumpay at nagbalik na, at pagkatapos ay nagkaroon siya ng pakikiisa. Amen. Ngayon, mangyayari rin ito sa inyo, ganoon nga. Oh, ang Salita Niya'y mananariwa sa inyo, sa pagkakataong makamit n'yo ang bautismo ng Banal na Espiritu. Oh, napakaganda!

<sup>74</sup> Oh, sasabihin n'yo, "Hindi ko naman nakikita ang mga bagay na gaya n'yan. Hindi ako naniniwala sa pagsigaw. Hindi ako naniniwala sa pagsasalita ng iba't ibang wika. Hindi ako naniniwala sa Makalangit na kagalingan." Ipinapakita lang n'yan na hindi n'yo pa natatamo ang tagumpay. Ganoon nga 'yun. Subalit kahit minsan n'yo lang matamo ang tagumpay, talaga ngang matatamo n'yo ito. Ibig sabihin natamo n'yo na talaga. Siyanga, po, at kaya naman makasisigaw na kayo. Akin ngang . . .

<sup>75</sup> Kita n'yo minsan pinagbubulay-bulay ko noon ang tungkol dito sa pagsasayaw sa Espiritu, nakakita na nga kayo ng may tumatayo at sumasayaw sa Espiritu. Ngayon, nakakita na ako ng kunwa-kunwaring panggagaya rito, ngunit nakita ko na rin ang totoong ganito, hayan nga. Kaya, inalam ko, kung bakit kaya nakapagsasayaw ang mga tao sa Espiritu? Buweno, 'yung mga ganun ay wala pa akong nakikita ni isa na nalihis ng landas, wala pa akong nakikita ni isa na imoral ang ikinikilos. Lagi—lagi ko itong nasasaksihan sa lantay nitong kayumian at kaayusan at kaluguran, at maging ang mga makasalanan ay tumatakbo

patungo sa altar at naliligtas habang nagaganap ito. Buweno, inisip ko kung bakit ganoon, at nalaman kong ito'y dahil sa pagtatagumpay.

<sup>76</sup> Nagsayaw noon si David sa harap ng Panginoon, noong ang kaban ay dalhin pabalik sa dakong kapahingahan Nito. Amen. Noong makita ni David ang Salita, at Ito noon ay nasa anyo ng mga tapyas ng bato, at dinadala pabalik sa tamang paglalagakan Nito, nagalak si David at sumayaw sa Espiritu, paikot-ikot-ikot doon. Bakit? Nakita niyang ipinanunumbalik ang Salita sa dapat na lugar Nito. Amen.

<sup>77</sup> Ang kailangan ng Salita, ay hindi yaong nagtapos sa kung anong seminaryo, na may pinaghalo-halong teolohiya; kundi isang makalumang, isinugo ng Diyos na mangangaral sa likod ng pulpito, taglay ang Salita, at pinatototohanan Ito ng Diyos, bilang katunayan.

<sup>78</sup> Kaya naman sinabi ni David, “Luwalhatiin ang Diyos, ito na nga Ito!” At paikot-ikot-ikot-ikot siya dun. Ang kanyang munting asawa na mataas ang tingin sa sarili, dahil sa anak nga siya ng hari, ang sabi, “Aba, kanya—kanya—kanya akong ipinapahiya sa marami.”

<sup>79</sup> At sabi ni David, “Di mo ba nagustuhan 'yung isang 'yun? Sige panoorin mo naman ito!” At nagpaikot-ikot siyang muli. Oo! Oh, grabe, talagang napakasaya ng sandali niyang 'yun!

<sup>80</sup> Alam n'yo, tumunghay noon ang Diyos mula sa Langit, at sabi, “David, ikaw ay isang lalaking kinalulugdan ng Aking puso.” Kita n'yo? Kita n'yo? Bakit? Winaglit niya ang lahat ng kanyang kataasan, winaglit niya ang lahat ng mayroon siya. Bagama't nakapangasawa siya ng isang anak ng hari, ngunit wala naman 'yung kinalaman dun kung tutuusin. Batid niyang nakilala niya ang May-ari ng Kalangitan at lupa, at naroon nga ang Salita ng Diyos na dinadala pabalik sa gitna nilang muli, at lubos ang kasiyahan ni David kaya't nakapagsayaw siya. At puspusan siyang sumayaw sa abot ng makakaya niya.

<sup>81</sup> Si Miriam, kinuha niya ang tamburin at nagtungo roon sa pampang, nagsasayaw sa kabilang pampang. Matapos niyang tumawid sa Dagat na Pula at nakita ang mga kalaban niyang nangalunod, hayan nga't nakapagsayaw siya sa Espiritu. Nung makita nga niya ang mga kalaban na nagpahirap sa kanya, na nangamatay, siya nga'y nakapagsayaw sa Espiritu. Siyanga. Ngayon, masdan n'yo, nangyari 'yan pagkatapos! Pagkatapos na panagumpayan ang labanan, hayan nga't bumababa na pagkatapos ang kaluwalhatian ng Diyos.

<sup>82</sup> Ngayon, nalaman natin na Kanyang sinalubong siya. At pagkatapos na mapatotohanan ang pangako, siya—siya ay nakipagkaisa. Pumaroon nga si Melquisedec upang pagpalain si Abraham, at sabi Niya, “Pagpalain si Abraham, at purihin ang Diyos ni Abraham, ang May-ari ng Kalangitan at ng lupa.”

<sup>83</sup> Oh, grabe, gustong-gusto ko talaga 'yan, isang pangako sa mananampalataya! Sasabihin n'yo, "Ano namang kinalaman n'yan sa amin?" Sa bawat mananampalataya! Ang pangako sa mananampalataya ay Buhay na Walang Hanggan. Ang pangako sa mananampalataya ay Buhay, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kaamuan, pagtitiis, mga bunga ng Espiritu, Makalangit na kagalingan, may sandosenang iba pang mga bagay na nailista ko rito, halos lahat na ito, na ating pag-aari. Pag-aari n'yo ito, subalit hindi nga ito mapapasainyo hanggang sa ipaglaban n'yo muna ito. Sa inyong talaga ito. Ang lahat ng mga bagay na nakikita, bawat pansamantalang bagay na nakikita, ay akin. Ipinagkaloob ito ng Diyos sa akin, sapagkat sa pamamagitan ni Cristo ay Kanyang ipinagkaloob ito sa akin. Ang mga bagay na di nakikita ay akin. Amen. Gusto ko 'yan! Ang mga bagay na nakikita n'yo, gaya ng Makalangit na kagalingan, at iba pa, gaya nun, napakainam ng mga ito, at nagpapasalamat tayo dahil dito; ngunit ang bagay na di nakikita!

<sup>84</sup> Ngayon, maaaring busisiin ito ang siyensiya at sasabihin, "Buweno, tingnan nga natin, hayaan n'yong pag-aralan namin ang taong ito. Sinasabi n'yong pinagaling siya, hayaan n'yong pag-aralan namin siyang maigi at suriin siya. Hayaan n'yong tingnan namin kung anong nangyari. At sinasabi mo bang may tumor ka dati, ginoo?"

"Oo, banda *riyan*."

<sup>85</sup> "Buweno, hayaan mo akong magsiyasat ayon sa siyensiya at tingnan kung hindi talaga ito lumubog at hindi naman talaga nawala. Sinasabi mo bang dati kang bulag at ngayon ay nakakakita na. Papaano ko malalaman? Hayaan mong pag-aralan ko ito ayon sa siyensiya at siyasatin ito."

<sup>86</sup> Ngayon, maaari n'yo ngang siyasatin 'yan, pero ako'y—ako'y tagapagmana rin n'yan, ganoon nga, ng lahat ng pisikal na bagay. At hayon ding tagapagmana ako ng mga bagay na di nakikita, na hindi kayang siyasatin ng siyensiya. Amen. Amen. Itong mga bagay na di nakikita, amen, tagapagmana ako nito. Siyanga, po. Itong mga bagay na nakikita, tagapagmana rin ako nito. Ang mismong lupang ito, tagapagmana ako, maging kayo tagapagmana. Bawat mananampalataya ay tagapagmana, tagapagmana nga nito. Hayon nga, maging ng di nakikita! May-ari nga uli ng ano? Kalangitan at ng lupa. Amen. Lahat ng bagay! Naniniwala ba kayo roon?

<sup>87</sup> Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, papaano naman 'yung mga bagay na 'yun sa kung saan na hindi mo nakikita? Papaano mo malalaman?" Akin pa rin. Siyanga. Ang langit ay akin. Nagagalak akong akin 'yun, sinabi ng Diyos na ganoon nga. At tama 'yun. "Buweno, hindi mo naman 'yun nakita kahit kailan, kaya papaano mo malalaman na naroon nga ito?" Alam kong naroon ito, kahit anong mangyari, dahil sinabi ng Diyos

na ganoon nga. “Papaano mo naman nalaman na tagapagmana ka nito, gayong hindi mo naman nakita ito kahit kailan?” Sinasampalatayanan ko ang Kanyang Salita. Amen. Kita n’yo? Isa akong tagapagmana, mga tagapagmana kayong kasama ko, mga tagapagmana tayong lahat sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

<sup>88</sup> Napansin n’yo ba rito sa Mga Taga-Corinto, sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, sinabi ni Pablo, maging nitong kamatayan, ating pagmamay-ari. Isipin n’yo ’yun. May-ari ng kamatayan? Siyanga, po, tumatalima ito sa atin. Amen. Buweno, luwalhati! Nakalimutan ko na nga ang tungkol dun sa pagsabog ng baril ngayon, kita n’yo. Bakit hindi niya ako pinatay? Sapagkat hindi niya magawa. Yun ang dahilan. Hindi pa itinatakda ng Diyos. Maaari siyang dumating nang dumating na sindalas ng naisin niya, pero hindi niya kayo maaaring makuha. Amen. Luwalhati! Nabayaran ko na ang pagkakautang ko sa bagay na ’yan matagal nang panahon noong manampalataya ako kay Jesus Cristo Na buhay kailanpaman. Ngayon tumatalima ang kamatayan sa sinasabi natin. Amen.

Sasabihin n’yo, “Nagmamay-ari ng kamatayan?”

<sup>89</sup> Iyon ang sinabi rito ni Pablo sa Mga Taga-Corinto. Maging ang kamatayan, nga, pag-aari natin. Aba, noong naghahanda na sila noon para pugutan siya ng ulo, nagwika siya, “Oh, kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Saan naroon ang iyong tibo? Ipakita mo nga sa akin kung matatakot mo ako.”

<sup>90</sup> Sasabihin ng kamatayan, “Titirisin kita at ihihimlay kita dun sa libingan, at mabubulok ka at maaagnas.”

<sup>91</sup> Sabi niya, “Datapwat, oh, salamat sa Diyos.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo.” Siyanga, po. Ang kamatayan, impiyerno, at ang libingan, pag-aari kong lahat ito, sapagkat pinagtagumpayan Niya itong lahat para sa atin. Nagmamay-ari!

<sup>92</sup> Tulad nina Josue at Caleb na bumalik dala ang patunay ng isang di nakikitang lupain na ipinagkaloob sa bayan sa pamamagitan ng isang pangako. Bumalik sina Josue at Caleb dala-dala ang isang patunay na may ganoon ngang lupain. Ngayon, sa una pa lang ay taglay na nila ang pangako. Ibinigay sa kanila ng Diyos ang isang pangako, at naglabay sila mismo sa lupaing ’yun, gayong hindi pa nila ito nakikita kahit kailan, at nanloob nga sina Josue at Caleb sa lupang pangako at bumalik dala ang patunay na naroon nga ang lupain at ’yun ay magandang lugar, na binubukalan ng gatas at pulot. Amen! Anong ibig sabihin nun? Aangkinin na nila ang lupain. Taglay nila ang pangako. At mahaba na rin ang nilakbay nila para makarating sa dakong ’yun, at halos nasa Jordan na nga sila, at tinawid ’yun ni Josue at bumalik dala-dala ang katunayan na iyon nga’y mabuting lupain.

<sup>93</sup> Katulad nga ng ginawa ni Josue para sa mga anak ni Israel, (ang ibig sabihin ng *Josue* ay “Tagapagligtas,” itong salitang Josue), hayan nga’t ganoon din ang ginawa ni Jesus para sa Iglesia nung patayin Siya. Ginapi Niya ang kamatayan. Ginapi Niya ang impiyerno. Ginapi Niya ang libingan. At bumangon Siyang muli dala ang katunayan, ang bautismo ng Banal na Espiritu, na may Lupain sa kabila ng ilog, magpakailanmang kairog-irog. Amen. Nagbalik Siya at dinalhan tayo ng isang katunayan. Ano ang nagagawa Nito, Kapatid na Branham? Pahinhintuin Nito ang inyong pagsisinugaling, pagnanakaw, pag-inom ng alak, pagmumura, mga kahalayan, lahat-lahat na. Gagawin ka Nitong bagong nilalang. Ako na dating patay sa kasalanan at mga pagsalangsang, hindi na ako nabubuhay, hindi na ako kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin. Isa na akong bagong nilalang kay Cristo Jesus, amen, tagapagmana ng pangako. Hallelujah! Siyanga, po. Sa atin ang lupaing ’yan. Papaano kayo nakakasigurado? Bumangon si Josue mula sa mga patay, bumalik dala-dala ang katunayan, ang Banal na Espiritu. Taglay-taglay ko na Ito. Amen. Whew! Luwalhati! Isa akong tagapagmana. Oh, isang anak ng Hari, isang anak ng Hari, tagapagmana ng lahat ng mga bagay! Sinabi ng Biblia na ganoon nga. Hayan nga’t ang siya ring Diyos—ang siya ring Diyos na nagkaloob sa Israel ng pangako ng lupang pangakong ’yun (’yun nga’y di nila nakikita), sa siya ring Bibliang ’yun, ang siya ring Diyos ay nangako sa atin ng Buhay na Walang Hanggan, at pinatotohanan ito ng Banal na Espiritu. Buhay nga si Cristo, hindi patay. Nabubuhay siya sa mismong piling natin, nabubuhay sa loob natin, sa pamamagitan natin, gumagawa sa pamamagitan natin. Amen.

<sup>94</sup> Siya ang nakaupo sa bangkong ’yun doon noong isang araw noong makakita si Satanas ng pagkakataon para patayin ako, subalit hindi niya naisakatuparan ’yun. Amen. At hindi niya talaga magagawa ’yun kahit kailan hangga’t sabihin ni Cristo na nakatakda na. Amen. Kahit gaano pang karaming beses pa siyang magpabalik-balik, uuwi siyang walang dala hanggang sa mag-utos si Cristo. Amen. Isang pangako, ipinangako ’yun ng Diyos. Ang Salita nga ng Diyos ang talagang nangako nito, at sinasampalatayanan natin ito dahil mga tagapagmana tayo.

<sup>95</sup> Tagapagmana ako ng Makalangit na kagalingan. Tagapagmana ako ng kagalakan, may karapatan akong maging masaya. “Kung gayon ano ang dahilan at napakasaya mo?” May karapatan kasi akong maging masaya. “Papaano mo nasabi?” Hayan nga’t tagapagmana ako nito. Amen! Whew! Ngayon pakiramdam ko’y napupuspos talaga ako sa mga oras na ito. Oo. Tagapagmana nga ako ng kasiyahan. Tagapagmana ako ng kagalakan. Tagapagmana ako ng kapayapaan. Tagapagmana ako ng bawat katunayan na taglay Nito. Amen. Tagapagmana ako sa kapangyarihan ng Diyos. Amen. “Sinong nagtalaga sa



inyo para magkaganoon?” Hindi ako; Siya. Tagapagmana ang bawat isa sa inyo ng siya ring bagay.

<sup>96</sup> Tagapagmana ng luklukan! “Ang magtagumpay ay uupong kasama Ko sa Aking Luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay at nakaupo sa Luklukan ng Aking Ama.” Amen, tagapagmana ng lahat ng mga bagay! Hindi lamang ng isang bagay; kundi lahat ng mga bagay! Ang lahat ay nasa ilalim ng inyong mga paa. Maging kamatayan ay nasa ilalim ng inyong mga paa, ang libingan ay nasa ilalim ng inyong mga paa, ang impiyerno ay nasa ilalim ng inyong mga paa, ang kasalanan ay nasa ilalim ng inyong mga paa, nasa ilalim ng inyong mga paa ang lahat ng bagay. Tagapagmana kayo! At kayo’y . . . Patay na kayo, at ang inyong buhay ay natatago na sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at bumangon na kayong muli sa Buhay na Walang Hanggan, at nangakaupo sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus. Oh, grabe! Whew! Bansagan n’yo na kami ng anumang gusto n’yong ibansag, bansagan n’yo kami ng kahit anong gusto n’yo, paratangan kaming mga baliw kung ’yan ang gusto n’yo, ngunit kami’y mga tagapagmana nga. Mga tagapagmana ng ano? Lahat ng mga bagay.

<sup>97</sup> “Tagapagmana ba kayo ng Branham Tabernacle?” Hindi, tagapagmana ako ng lahat ng mga bagay. Maging nakikita man, sa kasalukuyang panahon, sa hinaharap, sa lahat nga ng bagay, tagapagmana ako nun.

<sup>98</sup> Hayan nga’t inilagay na sa ilalim ng aking mga paa ang bawat kasalanan at kasamaan, sa pamamagitan ng biyaya ni Jesus Cristo. Bumangon Siya noong umaga ng Pagkabuhay, nanagumpay laban sa kamatayan, impiyerno at libingan, at ginawa akong tagapagmana, at nagsabi, “Maghintay kayo roon at ibibigay Ko sa inyo ang pangako.” At ang Kanyang pinahirang makapangyarihang lingkod ay nagsabi, “Ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Ako’y tagapagmana. Amen. Amen. Pinatunayan ito ni Jesus sa atin, sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Oh, ang ganda.

<sup>99</sup> Sa pagsabak natin sa dako ng labanan sa pagitan ng kamatayan at ng Buhay! “Isa po akong makasalanan, Kapatid na Branham.” Hindi mo na kailangan pang maging ganyan. Kaya ka naman nagiging makasalanan ay dahil ginugusto mo ’yan. Hindi mo na kailangan pang maging ganyan. Nabayaran na ang pagkakautang.

<sup>100</sup> “Kapatid na Branham, sana’y makamit ko ang kagalakan.” Makakamit n’yo naman. Hinahayaan n’yo lang kasing nakawin sa inyo ni Satanas ang mga pribilehiyong ikinamatay ni Cristo. Tagapagmana ako nun. Lahat ng ito ay akin. Ang lahat ng ikinamatay Niya, ay akin, at sa inyo. Tayo’y mga anak Niya, mga tagapagmana tayo nito, ng lahat ng bagay na ikinamatay Niya.

<sup>101</sup> Ngayon, sa pagsabak n'yo sa dakong 'yan ng labanan. "Ah, wala naman talagang bautismo ng Espiritu Santo. Alam mo, ika'y—ika'y—ika'y magiging katatawanan lang n'yan. At 'yung sinasabi mong magkakaroon ng kung anong bagay, ibang-iba ang mangyayari." Hindi ko alintana kung maging kakaiba man ito, tagapagmana ako nito. Iyon ay Buhay, at kakamtin ko na Iyon. Siyanga.

<sup>102</sup> Ganoon dapat ang nasa kalooban ng bawat makasalanan. "Paroroon ako upang tanggapin Ito batay sa Espiritu Santo na naririto ngayon at sinasabi sa akin na lumapit at tanggapin Ito. Akin Ito. Talagang hindi ako mabubuhay na mag-uli hangga't hindi ko Ito natatanggap. Hindi ako magpapakapanatiko. Mananatili ako rito mismo, hindi ko alintana anuman ang mangyari. Hindi ako hihintong manalangin hanggang sa ipagkaloob Mo sa akin ang Banal na Espiritu, Panginoon, at alam ko pong gagawin Mo ito ngayon din. Kung may anumang pagkakamali sa buhay ko, sabihin Mo po sa akin ang dapat kong gawin at gagawin ko ito. Anuman po 'yun, Panginoon, hahayo ako at itutuwid na ito."

<sup>103</sup> Kung hindi naghahayag ang Diyos, sabihin mo, "Heto na, Satanas, paririyang na ako para bawiin Ito. Di ka na puwedeng tumayo-tayo pa riyang, lumayas ka sa aking daan!"

<sup>104</sup> Hayan nga kayo, tagapagmana ng lahat ng mga bagay. Tagapagmana ng Buhay na Walang Hanggan. Tagapagmana ng Banal na kagalingan. Oh!

Tagapagmana ng kaligtasan, sa Diyos ang  
katubusan,  
Isinilang sa Kanyang Espiritu, hinugasan sa  
Kanyang Dugo.

Ito ang kuwento ko, ito ang awit ko,  
Tagapagligtas ay papupurihan sa buong  
magdamagan.

Pagpapasakop ay ganap, may kapayapaan sa  
lahat,  
Ako'y may biyaya't kagalakan sa Siyang  
nagbigay sa akin ng kaligtasan;  
Nakaantabay naghihintay, sa kaitaas-taasa'y  
nakasilay,  
Ako'y sadyang pinunan ng pag-ibig Niya't  
kabutihan.

Hallelujah! Hayan nga. Ito ang kuwento ko, at ito ang awit ko. Ako'y tagapagmana ng kaligtasan. Anong kaligtasan? Isang bagay na ibinigay sa inyo. Isang kaloob. Tagapagmana ako ng kaligtasan. Anong klase? Yung sa Walang Hanggang Buhay. Kaligtasan para sa kaluluwa ko, kaligtasan para sa katawan ko, kaligtasan para sa kapaguran ko, kaligtasan para sa lahat ng bagay. Ginawa ako ng Diyos na tagapagmana ng lahat ng

bagay sa pamamagitan ni Cristo, at namatay Siya, nagbangon, at nagbalik at dinala ang katunayan, at ibinuhos Ito sa atin. Oh, ang ganda! Luwalhati! Oh, ang ganda!

<sup>105</sup> Ngayon, pumaroon na nga kayo, at anong gagawin n'yo? Pumaroon nga kayong gaya ng ginawa ni Abraham, pumaroon taglay-taglay ang pangakong 'yun. "Diyos, sinabi Mo po sa akin na pag-aari ko ito. May pananampalataya ako sa Iyong pangako. Dala ko ang Iyong Salita. Ipinangako Mo ito. Sinabi Mo, 'Magsihingi kayo, at kayo'y makatatanggap. Magsihanap kayo, kayo'y mangakasmuspong. Magsihingi kayo, kayo'y bibigyan. Magsituktok kayo, kayo'y bubuksan.' Narito ako, Panginoon. Narito po ako. Tumutuktok ako, naghahanap, humihingi. Tatanggapin ko nga Ito." Ganoon dapat. Tapos may mangyayari na n'yan, oh, kapag inilatag mo ang Salitang 'yun.

<sup>106</sup> Tingnan n'yo ang ginawa ni Satanas noong inilatag ni Jesus ang Salita sa kanya. "At nasusulat rin naman. . ." Lumihis siya sa Kawad na 'yun, gaya nga ng nabanggit ko noong isang gabi. Ganoon, nga. Kaya anong nangyari, matapos na magtagumpay kayo? Papaano kayo nagtagumpay? Magagawa n'yo ba ito sa sarili n'yo? Hindi. May nauna sa inyo at pinagtagumpayan ito alang-alang sa inyo. Si Cristo nga. Tagapagmana lamang ako nito. Wala na akong anumang kailangang gawin. Tagapagmana ako ng pangako. Ang tanging bagay na dapat kong taglayin, ay ilagak ang pananampalataya ko sa Kanyang pangako. Nakikita n'yo po ba?

<sup>107</sup> "Kapatid na Branham, karapat-dapat ka ba roon?" Hindi. "Sa palagay mo ba karapat-dapat ako?" Hindi. "Sa palagay mo ba karapat-dapat ang Obispo?" Hindi. "Mayroon bang taong karapat-dapat kahit kailan?" Wala. "Buweno, bakit?" Kayo'y tagapagmana.

<sup>108</sup> Kung ikaw ang pinakamalalang lasenggo sa buong mundo, at iniwanan ka ng iyong tatay ng isang milyong dolyar, karapat-dapat man kayo o hindi, na kanyang—kanyang—kanyang tagapagmana, ikaw ang tagapagmana ng kanyang ari-arian. Anuman ang iniwan niya sa iyo, sa iyo ito karapat-dapat ka man o hindi. Iniwan niya ito sa iyo. Amen.

<sup>109</sup> Isa ako noong makasalanan, ngunit ako'y tagapagmana. Wala akong naidudulot na mabuti, wala pa, ngunit sa kabila nun tagapagmana pa rin ako. Narapat nga akong mamatay at mapunta sa impierno, ngunit isa akong tagapagmana. Tagapagmana ng ano? Buhay na Walang Hanggan. "Papaano mo malalaman na matatamo mo Ito?" Nadama ko Ito. Dinala Ito ng Espiritu Santo. Bumangon si Jesus mula sa mga patay upang dumating Ito. At ngayon nga'y dumating na Ito, at nagpapatotoo Ito at pinagtitibay mismo kung ano ang sinabi Nitong gagawin Nito. Lumipat na ako mula sa kamatayan patungong Buhay. Ako'y naging, isang bagong nilalang na kay Cristo Jesus. Kaya

naman tagapagmana ako. Siyanga, po. Ngayon nagmamartsa na akong pasulong. Amen. Patay na ang mga bagay-bagay. Ano nang mangyayari sa mga masasamang bagay na nagawa ko? Gaya ng ginawa ni Miriam. Tumingin kayo sa likod n'yo, hayun sila, patay, ibinaon na sa dagat ng pagkalimot, sa Aklat ng dakilang Aklat ng Diyos sa Langit. Tapos na. Tapos nang mailagay ang pangalan ko sa Aklat na 'yun, at natatakan na, at inilagay na sa dagat ng pagkalimot, at isang bagong Aklat, ang naroon na may bagong pangalang nakasulat sa Kaluwalhatian. At ito'y akin. Oo. Hayan nga't mga tagapagmana talaga tayo ng lahat ng mga bagay, ganoon nga.

<sup>110</sup> Hayan nga't gaya noong kay Abraham, anong sabi ng Diyos sa kanya? "Ang lupaing ito ay pagmamay-ari mo. Sa iyong lahat ang anumang narito. Tumingin ka sa silangan, sa hilaga, sa kanluran, at sa timog, sa iyong lahat ito, ang lahat ng bagay na narito. Nais kong humayo kang maglakbay sa ibang bayan, at gagawin Kitang tagapagmana ng lupaing 'yun. Ibibigay Ko ito sa iyo, sa iyo at sa iyong binhi, maging sa iyong mga salinlahi magpakailanman." Ngayon, si Abraham, ang tanging bagay na kinailangan niyang gawin nun ay ilagak ang kanyang pananampalataya sa pangakong 'yun, damputin ang kanyang tabak at humayo na. Noong dumating ang mahirap na sandali, lumusob siya roon at ang Diyos ang nakipaglaban sa kanyang pakikipaglaban. At nung lumaban nga siya sa labanan na 'yun, nilipol niya ang mga hari.

<sup>111</sup> At heto na nga siyang bumabalik, amen, tapos nang lahat ngayon. Kapatid, talagang napapasigaw siya. Dinig na dinig ang lahat ng mga kabataang lalaking sumisigaw at nagpupuri sa Panginoon! Heto na nga si Abraham, at Sino ang pumaroon upang salubungin siya? Si Melquisedec, ang Hari ng Salem. At pagmasdan n'yo ang ginawa nila. Pagkatapos ng labanan, naupo sila at kumain ng tinapay at alak. Naglabas ang Hari ng tinapay at alak. Bakit Niya ginawa 'yun kasama siya? Pagkatapos ng labanan, pagkatapos ng pananagumpay, sila nga'y maaaring maupo at magsalo sa komunyong, mag-usap sa isa't isa at kumain ng komunyong nang magkasama. Oh, 'yun ang nais na gawin ng Diyos sa Kanyang mga anak ngayong gabi.

<sup>112</sup> "Kaya papaano ka naman, Kapatid na Branham? Papaano naman ang Iglesyang pinangungusapan mo?" Tayo ang binhi ni Abraham, sila ang Maharlikang Binhi ni Abraham. Tayo ang binhi ni Abraham, sa pamamagitan ng pangako, kay Cristo Jesus ay naging binhi tayo ni Abraham at mga tagapagmanang kasama niya ayon sa pangako. Kung gayon kung tagapagmana si Abraham, ako'y isang tagapagmana rin naman. Isa akong tagapagmanang kasama ni Abraham, at kayo rin naman. At sa papaanong paraan ito dumating? Sa pamamagitan ng Maharlikang Binhi ni Abraham, na si Cristo Jesus, na Siyang ipinangako, sa pamamagitan ng pananampalataya. Tumanggap

ng isang anak na lalaki si Abraham, na mistulang nabuhay mula sa patay. At tumanggap tayo ng isang Anak na hindi naman isang anak, at nung wala ng paraan upang makaparito, hayan nga't ginawa Siya ng Diyos at ipinadala Siya sa atin. At Siya'y naparito at binayaran ang parusa sa ating mga kasalanan, at sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay naging isa akong tagapagmana. Oh, grabe. Hayan nga. At ang lahat ng kasamaan ng diyablo ay iniwan na. Purihin ang Diyos!

<sup>113</sup> Magtagumpay! Ilan ang nagtagumpay na, ngayong gabi? Ipakita n'yo nga ang inyong kamay, "Sa biyaya ng Diyos ay nagtagumpay ako." Purihin ang Diyos. Alam n'yo ba kung anong iniisip ko na dapat nating gawin ngayon? Sa totoo lang ay nagpapasimula pa lamang tayo at pananatilihin ko kayo rito nang kalahating gabi. Tayo nga'y magkaroon ngayon ng isang mainam na gawaing paghahandog, ihandog muling panibago ang ating mga buhay sa Diyos. Ilan ang sa pakiramdam nila'y nais nilang gawin 'yun? Oh, hayan nga't di lang isa, dalawang kamay ang itataas ko, at pati puso ko na, rin. Nais kong mangusap ang buhay ko para kay Cristo. Nais kong ihandog nang panibago ang sarili ko kay Cristo. Nais kong matupad ang kalooban Niya, na ang nais ko'y mailagay sa likod, at— at ang kalooban Niya ang matupad. Nais kong makamtan ang martsa ng pananagumpay. Hindi dahil sa ako ito; sapagkat alam kong ang Ebanghelyong ipinangaral Niya ay nagdurusa dahil sa mga makadenominasyong dogmang gawa lamang ng tao at kung anu-ano pa. Ang dakilang tagumpay na dapat sana'y tinatamasa natin ay pinigilan ng kaaway. Diyos, hayaan Mo pong bunutin ko ang Tabak na ito, hayaan Itong kuminang at magningning, at sumulong. Ang kalooban ko'y mailagay ko sa dakong likuran, at ang Kanyang Salita ay mailagay sa harapan na parang, isang matalim na Tabak na may dalawang talim na humahawi ng daan.

<sup>114</sup> Magsitayo nga tayo sa ating mga paa ngayon at ihandog natin nang panibago ang ating mga sarili. Hayan nga't ang bawat isa ay mangusap sa sarili n'yong paraan, ihandog n'yo ang inyong mga sarili sa Panginoon. Itaas natin ang ating mga kamay ngayon sa Diyos, sige po bawat isa.

<sup>115</sup> Makalangit naming Ama, inihahandog namin ang aming mga sarili sa Iyo ngayong gabi sa pinakamainam na paraan na nalalaman namin. Alam naming mga tagapagmana kami ng lahat ng mga bagay. Ipinangako Mo po ito, Panginoong Jesus, at sinasampalatayanan po namin ito. Ngayon, hindi nga namin magagawa ito maliban na Ikaw, Panginoon... maliban na amin mismong ilagak ang pananampalataya namin sa pangako Mo. Ngayon, Iyong sinabi, sa Biblia, "Ang kumakain ng Aking Laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na mapapasok sa paghatol kundi lumipat na... lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. Ang

kumakain ng Aking Laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na Walang Hanggan, at ibabangon ko siya sa huling araw.” Iyon ang pangako. Iyon ang sabi Mo. Iyon ang sinasampalatayanan namin.

<sup>116</sup> At, Panginoong Diyos, Oh Espiritu Santo, kumilos Ka sa amin. Oh, kumilos Ka, Diyos! Kumilos Ka, Oh Panginoon, sa amin. Espiritu ng buhay na Diyos, tanggapin Mo po kami, Panginoon. Sa Pangalan ni Cristo’y tanggapin Mo po kami. Linisin Mo ako, imolde mo ako, hubugin Mo ako, Oh Diyos, na maging larawan ng Anak ng Diyos. Kunin Mo ako, Panginoon, ako’y Iyo. Ipinaubaya ko sa Iyo ang iglesyang ito. Ibinibigay ko sa Iyo ang bawat kaluluwang narito, maging ang akin, Panginoon. Ngayon imolde Mo kami at hubugin kami, at aming kalimutan ang aming makasalanan at masamang mga gawi, at alalahanin namin na hangga’t inilalagay namin ang aming—aming pananampalataya, anumang sukat ng pananampalataya na taglay-taglay namin, sa Iyong pangakong Salita, dadalhin Mo kami sa sunud-sunod na mga tagumpay. Ipinangako Mo ito.

<sup>117</sup> Hindi nga makakapanakit sa amin si Satanas, Panginoon. Magagawa niya ang lahat ng kaya niyang gawin, pero di niya kami magagalaw. Noong pinakawalan mo siya kay Job nang minsan, sinabi Mo, “Huwag mong kukunin ang kanyang buhay.” Ginawa niyang lahat maliban sa kunin ’yun. Hayan nga’t hindi niya kayang gawin ’yun, sapagkat ang pangako Mo ay naroon pa rin kay Job.

<sup>118</sup> At, Diyos, Ikaw ang siya pa ring Diyos mapasa hanggang ngayon. Iningatan Mo ang sa Iyo. Alam naming ito nga ang Katotohanan, at inihahandog namin nang panibago ang aming mga sarili. Hugasan Mo po ang makasalanan naming mga kaluluwa, Panginoon, habang ipinahahayag namin ang aming pananampalataya. At, Cristo Jesus, tanggapin Mo po kami. At kapag nagsimula na kaming kumain ng Hapunan ng Panginoon na ito, Diyos, mangusap Ka po sa amin sa aming mga puso. Sabihin Mo po sa amin ngayon kung saan kami nagkamali. Ihayag Mo po sa amin kung saan kami nagkamali, Panginoon. May pakumbabaang pinagsisisihan namin ito. May pakumbabaang inilalagay ko ang mga kasalanan ko sa altar, Panginoon. May pakumbabaang inilalagay ko ang aking sarili sa Iyong Salita, Panginoon, at sa Iyong habag.

<sup>119</sup> Narito ako, Panginoon, gawin Mo po sa akin ang nakikita Mong nararapat gawin sa akin. Iyan ang pagsusumamo ng iglesyang ito, Panginoon, “Gawin Mo sa amin ang nakikita Mong nararapat gawin sa amin.” Makapagsasalita lamang ako para sa—para sa sarili ko, Panginoon, subalit naniniwala akong sa puso nila’y gayundin ang pinaniniwalaan nila. Gawin Mo sa amin kung ano ang nakikita Mong nararapat gawin sa amin. Sumasampalataya nga kami. Nagnanais kaming maging mga tagapagmana, at nababatid naming mga tagapagmana

kami hangga't nananatili kami kay Cristo Jesus. Kami'y mga tagapagmana kasama Niya sa harap ng Luklukan.

<sup>120</sup> Ngayon ay sumaaamin Ka. Pagalingin Mo ang mga maysakit sa kalagitnaan namin, Panginoon. Kung may katawan na may sakit dito ngayong gabi, hipuin Mo po ito, pagalingin ito, gawin Mong maayos. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Kung may kaluluwa na may sakit, gumaling nawa ito ngayon din. Nawa'y ang lumpong kaluluwa'y maituwid. Nawa'y ang nanghihinang mga tuhod na nanlulupaypay at maging ang nanghihinang mga kamay ay maitaas sa kaluwalhatian at makapagbunyi sa Diyos. Nawa'y ang mga liku-likong landas ay maituwid. Magkaroon nawa ng daan sa ilang para sa aming Diyos.

<sup>121</sup> Panginoon, nananampalataya nga kaming malapit Ka nang dumating, kaya hayaan Mo kaming ipahayag ang Iyong Salita, Panginoon, at gumawa ng daan sa ilang, at ituwid ang mga likong dako, para sa aming Panginoon. Hayaan Mong wasakin namin ang bawat ugat ng pagde-denominasyon. Hayaan Mong wasakin namin ang bawat ugat ng kapaitan, wasakin ang lahat ng masamang hangad, pagkainggit, matinding hidwaan, upang dumaloy na tulad sa mga agos ng kagalakan ang tunay na Salita ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Ibinibigay namin ang aming mga sarili sa Iyo ngayon bago namin kanin itong Hapunan ng Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>122</sup> Hayan nga't, nais ni Kapatid na babaing Spencer na maipanalangin ang kanyang katawan! [Nakikipag-usap si Kapatid na babaing Spencer kay Kapatid na Branham—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Spencer.

Makalangit na Ama, ang aba't matandang babaing ito na sadyang isang banal, siya na nakaupo rito. Nakikita Mo ang isang babaing lumpo. "Hindi ba't dapat na mapalaya ang anak na babaing ito ni Abraham sa araw ng Sabbath?" At ngayon marahil ang karamihan sa kanyang mga kaibigan, Panginoon, mga matatagal nang kaibigan na dati niyang pinagsisilbihan, mga ministro, sa kanilang pag-upo sa kanyang bahay, kapag napapadaan sila, marami sa kanila, tinahak na ang dakilang daan patungong Langit. Naiwan na siyang mag-isa, Panginoon, bilang isang patotoo. Wala na siyang natitira, ang mga anak na lang niya, at marahil isang kaibigan dito at doon, Panginoon, may kamag-anak man pero madalang na lamang. Hayan nga't mag-isa na lang siyang tumatayong gaya ng isang malaking kagubatan na lubusang napinsala, at nag-iisang punongkahoy na lang ang naiwan. Diyos, dalangin kong tumunghay Ka sa pagkahabag, Panginoon, kung saan kumapit na nang malalim ang kanyang mga ugat. Hayan nga't nakatayo sa burol ng Kalbaryo, Panginoon, malalim ang pagkaka-ugat at matatag sa Pananampalataya kay Cristo. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa minamahal naming kalugod-lugod na babaing ito at sinusuway ang bukol na ito sa ilalim ng kanyang dila, na lisanin

na siya nito at gumaling na siya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain ka ng Diyos. Salamat, Kapatid na Spencer. Mangyayari ito. Basta huwag ka lang mag-aalinlangan kahit katiting man. Sige.

My faith looks up to Thee,  
Thou Lamb of Calvary,  
Saviour divine;  
Now hear me while I pray,  
Take all my sins away,  
Nor let me ever stray  
From Thee aside.

Makinig, sabayan n'yo ako sa pag-awit ngayon.

While life's dark maze I tread,  
And grief around me spread,  
Be Thou my Guide;  
Bid darkness turn to day,  
Wipe sorrow's tears away,  
O let me from this day  
Be wholly Thine!

<sup>123</sup> Mula sa kaibuturan ng inyong puso ngayon, tanging ang Diyos ang nakakaalam nito, mula sa kaibuturan ng inyong puso, totoong-totoo na ba ito sa inyo, "Itulot Mong mula sa araw na ito, Panginoon, ako'y maging buong-buong Iyo"? Awitin nating muli ang huling bahaging 'yan.

Nor let me ever stray  
From Thee aside.

<sup>124</sup> Ngayon sabay-sabay tayo. Dakilang Pastol ng kawan, Iyo nang tinuruan kaming manalangin na gaya nito. [Sabay na nananalangin si Kapatid na Branham at ang kongregasyon—Pat.] Ama namin Na nasa Langit Ka, Sambahin nawa ang Pangalan Mo. Dumating nawa ang Kaharian Mo. Gawin nawa ang Iyong kalooban sa lupa, kung paano sa Langit. Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw. At ipatawad Mo sa amin ang aming mga pagkakasala, gaya naman namin na nagpatawad sa mga nagkasala sa amin. At huwag Mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas Mo kami sa masama; sapagkat sa Iyo ang Kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen. Makakaupo na kayo.

<sup>125</sup> Hinihiling sa akin na manalangin para sa anak ni Kapatid na babaing Shepherd. Naalala ko lang bigla na tumawag sila kanina para maipanalangin sana ang bata, at naipanalangin ko na ito kanina. May panayam kasi akong kailangang asikasuhin dito rin, at hindi ako makakadaan sa bahay. Hayan nga't nabanggit nilang may sakit 'yung munting batang babae at nilalagnat, at para bang naninigas pa, na walang dudang isang virus ang may gawa na naglipana sa paligid. Alam n'yo ang



tungkol dito. Kung minsan naninigas ang mga kalamnan nila na kailangan mong unat-unatin pabalik gamit ang kamay, gaya ni Gng. Haley at ng marami rito. Ito'y virus na naglipana sa paligid. At hayan nga't...gusto niyang maipanalangin. At binilin ko na kung hindi bubuti ang lagay ng bata ng alas nuebe o oras na magtapos tayo ng gawain, maaari siyang tumawag dito at paroroon kami; kung maigi na ang lagay ng bata, mabuti. Kaya nang may pagpapakumbaba sa oras na ito, bago tayo magkomunyon, manalangin tayo para sa batang ito.

<sup>126</sup> Panginoong Jesus, ang munting batang 'yun, hindi ko alam kung ilang taon na siya o anuman, ngunit isa siya sa aming mga minamahal na alagad dito, Panginoon, isa sa aming mga mananampalataya. Anak, nina Kapatid na babaing Shepherd at Kapatid na lalaking Shepherd, isang munting hiyas na ipinagkaloob Mo sa kanila, Panginoon. Idinadalangin naming babantayan Mo po siya, at pagpalain siya at pangalagaan siya, at pagalingin siya at gawing malusog. Inangkin na namin ito ngayon din. Matapos ang mensaheng ito, inaangkin na namin 'yun. Inaangkin namin 'yun sa ikaluluwalhati ng Diyos, ayon sa Kanyang Salita. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pakawalan nawa ng karamdaman ang batang 'yun. At manumbalik nawa ang bata at gumaling na, sa ikaluluwalhati ng Diyos. Ngayong sinalita na ito, ngayon ay ganap na mangyayari nga ito. Amen. Sumasampalataya ba kayo?

If we trust and never doubt, He will surely  
bring you out;

Take your burden to the Lord and leave them  
there.

Leave them there, oh, leave them there,

Take your burden to the Lord and leave them  
there;

If you trust and never doubt, He will surely  
bring you out;

Take your burden to the Lord and leave them  
there. (Ganoon lang ang gagawin n'yo)

If your body's racked with pain and your health  
you can't regain,

Just remember God in Heaven answers prayer;

Now, Jesus knows the pain you feel, He can  
save and He can heal;

Take your burden to the Lord and leave it.

<sup>127</sup> Ngayon kamayan na natin ang isa't isa habang inaawit natin ang huling talatang ito.

Leave it there, (pagbubuklod-buklod, alam  
n'yo, komunyon) leave it there, (purihin ang  
Panginoon!)

Take your burden to the Lord and leave it there;

If we'll trust and never doubt, He will surely  
bring you out;  
Take your burden to the Lord and leave it there.

128 Oh, hindi ba't Siya'y kamangha-mangha? Ngayon, ngayon sa ating pagpapahayag, sa ating pananalig, sa pagpapahayag ng ating mga kasalanan, nananampalatayang ang lahat ng ating mga kasalanan ay nasa dagat na ng pagkalimot. Kung maipahahayag lang ng kung sinuman ang kanyang kasalanan, ang Diyos ay matuwid para iwaglit ang mga ito. Kita n'yo? Nasa—nasa dagat na ng Dugo ni Jesus Cristo ang mga ito, hindi na muling aalalahanin pa. Ilan sa mga kababaihan dito ang nakakaalam kung ano ang bleach? Lahat nga kayo. Ngayon, kumuha lang tayo ng isang napakalaking batyang puno ng Clorox, isa nga 'yang bleach, isang napakalaking batyang puno ng Clorox. At saka kayo kumuha ng isang maliit na pampatak sa mata, at may isang patak kayo ng itim na tinta sa pampatak na 'yun, 'yun nga ang mga kasalanan n'yo. Tumayo kayo mismo sa itaas ng batya, at pisilin n'yo ito, pagkatapos tumingin kayo sa batya at hanapin n'yo 'yun. Anong mangyari dito? Anong mangyari sa tinta? Nung pumatak ito sa bleach, sa sobrang tapang nito ay sadyang pinaglaho nito ang kulay mismo dun, hindi na 'yun maibabalik pa. Anong nangyari? Wala na ito, magpawalang hanggan na itong naglaho. Anong nangyari? Ang—ang tinta mismo'y naging Clorox na. Iyon ang Dugo ni Jesus Cristo sa bawat kasalananang ipinahayag. Anong nangyari? Kinalimutan na ito, tapos na ito, tinuldukan na, inalis na ito, inihiwalay na ito, pinaglaho na ito. Hindi na ito aalalahanin pa kailanman laban sa inyo.

129 [Isang kapatid na babae mula sa kongregasyon ang nagsasalita—Pat.] May tumatawag ng pangalan ko, kung saan. [Nagpapatotoo ang kapatid na babae na pinagaling na siya.] Buweno, purihin ang Panginoon! Buhay pa rin! Pasalamat n'yo ang Panginoon. Pinasasalamat natin ang Panginoon. Oh Diyos, lubos Ka nga naming pinasasalamat dahil sa Iyong kabutihan. Oo, isang mababang-loob na munting kaluluwa sa may likuran ang nahipo, hinipo siya ng Panginoon. Buweno. Siya'y ang Dakilang Saserdoteng nahahabag sa ating mga karamdaman.

130 Tandaan n'yo, ang bawat salita'y Sinepeteng nakaangkla, matatag at matibay. Walang . . . Kita n'yo? Basta ilagak lamang n'yo ang inyong pananampalataya dun mismo at huwag kikilos, basta manatili lang kayo dun. Ngayon, hindi maaaring ilagak n'yo ito roon at pagkatapos bubunutin ito at sasabihin, "Susubukan ko na lang uli." Ilagak n'yo ito roon. Manatili nga kayo mismo riyan kasama nito. Siyanga, po. Kagaya ng ginawa ni Abel, mamatay sa sarili n'yong mga pag-iisip. Sabihin n'yo lamang, "Diyos, Salita Mo ito, hindi ito sarili kong pag-iisip. Salita Mo ito. Hayan nga ito." At namatay si Abel sa Bato.

At, tulad nun, hihipo Siya na gaya lamang ng ginawa Niya sa kapatid na babae riyon. Ganoong kasimple.

<sup>131</sup> Pinipilit nating gawin itong. . . Huwag. Sinisikap na gawin itong masyadong kumplikado ni Satanas, alam n'yo, sasabihin, "Oh, alam mo, sa nagdaang panahon lang 'yan," at kung anu-ano pa. Kapag ganyan ay di mananampalataya talaga.

<sup>132</sup> Subalit sa inyo na sumasampalataya, Siya'y napakahalaga. Ngayon tinanggihan nila, ganoon nga; subalit mahalaga Siyang Bato na naging isang buhay na Bato, isang mahalagang Bato, ang punong Batong Panulok. Oh, grabe. Oh, sinumang makahipo sa Batong ito ay gagaling! Ganoon nga. Amen.

<sup>133</sup> Ngayon, hindi ba tayo nagpapasalamat sa Panginoon? Sadyang nagagalak, ako nga'y labis na nagagalak na ang Panginoon ay Diyos. Amen. Ako'y labis na nagagalak na Siya'y mapagmahal na Ama, puno ng habag, kinikilala ang Kanyang Salita, tinutupad ang Kanyang Tipan, hindi kinalilimutan Ito. Tinutupad Niya ang Kanyang Tipan. Kanya ngang ginagawa ito, Siya kasi'y Diyos, Siya ang gumawa Nito. Siya ang Bukal ng lahat ng Katotohanan. Kita n'yo? Wala nang maaaring maging iba pa kundi dalisay na Katotohanan sa tuwina. Hindi maaaring magkamali ang bawat Salitang sinasalita Niya. At ito ang Kanyang Salita. At, Oh Diyos, itulot Mong maging tiyak ang pananampalataya ko Rito, amen, na hayon nga't Ito'y magiging tiyak na gaya ng Salita na tiyak, hayon nga't ang Salita sa ganoong uri ng pananampalataya ay magbubunga ng kahit anong sabihin ng Salita na gagawin Nito. Amen. Kaya, linisin Mo po ako, Panginoon. Subukin Mo ako, linisin ako, pangalagaan ako, pagpalain ako, at pagkalooban ako ng Iyong mga habag, 'yan ang dalangin ko sa Diyos. Amen.

<sup>134</sup> Ngayon, magbabasa ako ng ilang Salita ngayon, na matatagpuan sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-11 kabanata, ika-23 talata.

*Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing. . . siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:*

*At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Kunin ninyo, at kanin: ito'y aking katawan, na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.*

*At gayon din naman hinawakan niya. . . hinawakan ang saro, at pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: sumainyo ito, sa tuwing kayo'y magsisimom, sa pagaalaala sa akin.*

*Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.*

*Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa dugo, katawan at dugo ng Panginoon.*

*Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.*

*Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon.*

*Dahil dito'y marami sa inyo ang masasakitin at mga mahihina, . . . hindi kakaunti ang nangatutulog.*

*Datapuwa't kung ating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan.*

*Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan.*

*Dahil dito, mga kapatid ko, kung kayo'y mangagsalosalos sa pagkain, ay mangaghintayan nga kayo, ay mangaghintayan kayo.*

<sup>135</sup> Ngayon hayaan n'yo po akong sabihin ko ito. Ibinigay ni Jesus ang utos na ito bago Siya pumaroon sa Kanyang kamatayan, nalalaman na patungo na Siya roon. Ang mga alagad ay nahihiwagaan pa rin sa kung anong tinutukoy Niya nung mga sandaling 'yun, noong isinulat ito. Subalit sinabi Niya, "Ang sarong ito'y siyang Bagong Tipan ng Aking Dugo. Gawin ninyo ito na sa tuwing inyong kanin ito at inumin ito, ay inihahayag ninyo ang Aking kamatayan hanggang sa dumating Ako." Oh, ang mahahalagang Salitang 'yun!

<sup>136</sup> Ang mga alagad ay walang dudang nahihiwagaan, "Ano kayang ibig Niyang sabihin, 'inihahayag ang Kanyang kamatayan'? Papaano kaya 'yun?" Ang lahat ng 'yun ay hiwaga sa kanila, subalit hindi sa Kanya. Siya ang Diyos. Alam Niya ang kailangan Niyang gawin. "Inihahayag. . ." Kaya sabi Niya, "Kung kayo'y mangagsalosalos sa pagkain. . ."

<sup>137</sup> Ngayon, "Ang kumakain at umiinom, na di nararapat," 'yung lalapit dito at mag-aangkin na isa raw siyang Cristiano, makikibahagi sa katawan ng Panginoon, at saka lalabas at mamumuhay na kasama ng sanlibutan at—at itatangi si Cristo at ang Kanyang kapangyarihan, at mga bagay na gaya nun, inyong—inyong nilalapastangan ang Diyos. Kayo'y—kayo'y gumagawa ng bagay na lumalapastangan kay Cristo, kaya huwag kayong makikibahagi nito. Subalit kung nagsusumikap kayo nang husto, na mamuhay nang tama at ipakitang kayo'y Cristianong talaga, na iniibig n'yo si Jesus Cristo, kung gayon ay tungkulin n'yong makibahagi rito.

<sup>138</sup> At ngayon dito po sa . . . sa palagay ko'y sa San Juan 'yun, sa ika-6 na kabanata, sinabi ni Jesus, "Ang kumakain ng Aking

Laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na walang hanggan, at siya'y Aking ibabangon sa huling araw." Ngayon, ang pangakong 'yan, hindi ba't napaka dakilang bagay n'yan? "Ibabangon Ko siya."

<sup>139</sup> Napaisip na ba kayo kahit minsan kung para saan at narito kayo? Ano ang dahilan—ano ang dahilan at pumapasok kayo sa eskuwela, mga bata? Ano ang dahilan at nagtrabaho kayo, tatay? Ano ang dahilan at bumabangon kayo, hayan nga nanay, tuwing umaga, at inihahanda ang mga bata sa pagpasok sa eskuwela, hinihilamusan ang kanilang mukha, at nililigpit ang mga higaan at nagluluto, at—at—at ginagawa ang lahat ng ito? Uuwi, pagod sa gabing 'yun, at sa kinabukasan ay uumpisahan muli ang gayon. Ano ang dahilan at ginagawa n'yo 'yun? Bakit kayo nagsusumikap at halos nagpapakaalipin, tatay, at lahat na? Uuwi sa gabi, at latang-lata, at magkakasakit ang isa sa mga bata at magpapalakad-lakad ka na kabadong-kabado, at hahagulgol at mananalangin at makikipaglaban, at gumagaling naman sila; at ganun na naman uli, ganun nang ganun ang ginagawa n'yo. At hihilamusan ang mga mukha nila tuwing Linggo, at dadalhin sila sa simbahan. At, buweno, ano ang dahilan n'yan? Ano ang dahilan at narito siya? Ganoon na lang ba ito? Naku, kahabag-habag kung ganun lang, samantalang batid n'yo naman na yayaon rin kayo sa paglaon. Kita n'yo? Ano ba ang dahilan ng lahat ng ito?

<sup>140</sup> Oh! Kapatid, panahon na ng pagsisiyasat, panahon na para kunin ang pagkakataon! Ito na ang pagkakataon na tanggapin Ito. Sabihin n'yo nga sa akin ang bagay na makahahalili Rito. Sabihin n'yo nga sa akin kung ano pang mas mainam kaysa Roon. Makagawa man kayo ng kung anong bagay sa mundo, maging hari man kayo ng lupa, pagharian n'yo ang sansinukob, maging isang Khrushchev o isang Kennedy, o anumang naisin n'yo na maging, mamamatay at mamatay pa rin kayo. Tama! Hindi n'yo batid kung anong oras 'yun darating, pero darating. Ngunit dito, dumating man ang kamatayan, mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan at di na mamamatay pa, hayan nga't katiyakan ito ng Diyos ng lahat ng nilalang, Na May-ari ng Kalangitan at ng lupa, "Ibabangon Ko siyang mag-uli sa huling araw."

<sup>141</sup> Tulungan Mo ako sa kawalan ko ng pananampalataya, Oh Diyos, linisin Mo ako, punuin Mo ako, utusan Mo ako, isugo Mo ako. Huwag Mo akong hayaang mamatay, itulot Mo akong mabuhay upang maipamalita ang Kuwento. Tulutan Mo akong pumaroon sa bawat tagong lugar at sulok ng lupa, at ipangaral ang Salita at maghasik ng binhi, siyanga, po, upang magkaroon ng pag-aani sa huling araw, ng tunay na dalisay na Salita, kasama ng mga mananampalataya kay Cristo.

<sup>142</sup> Ang mga kasalanan n'yo ba'y nasa ilalim na ng Dugo, sa pamamagitan ng pananampalataya ngayong gabi kay Cristo

Jesus? Tayo po ngayon ay magkokomunyon na. Hindi lang basta komunyon; na nag-uusap kayo habang nagsasalo kayo sa isa't isa sa pagkain. Pakikipagkomunyon nga sa Diyos. Ang komunyon ay hindi itong tinapay, ni ang alak, ang *komunyon* ay “pakikipag-usap sa Diyos.” At ang ginaganap natin ay simbolo, na nananampalataya tayo sa Kanyang kamatayan, nabugbog na katawan, sa Kanyang pagkalibing at pagkabuhay na mag-uli, sumasampalataya sa Presensya ng Espiritu Santo. At sumasampalataya tayo na binigyan Niya tayo ng Buhay na Walang Hanggan at hindi tayo maaaring mamatay, lumipat na tayo sa Buhay mula sa kamatayan. At balang araw magwalay man tayo sa isa't isa rito, ay babangon tayong muli sa pagkabuhay na mag-uli kasama ang isa't isa, magsasama-sama kay Cristo Jesus, bilang isang Katawan. Amen. Sa mga batayang ito, at sa pagpapahayag ng aking mga kasalanan, at sa aking pananampalataya sa Anak ng Diyos, dinadala ko ang aking sarili at ang iglesya sa harapan ng mga artikulong ito na iniwan ng Diyos para gawin natin, upang ihayag ang Kanyang kamatayan hanggang sa Kanyang pagdating.

<sup>143</sup> Sinabi ni Jesus, “Ito’y Aking katawan na pinagputol-putol dahil sa inyo. Kanin ninyo, gawin ninyo ito sa pag-alaala sa Akin.”

<sup>144</sup> Makalangit naming Ama, matapos naming maipahayag ang aming mga kasalanan, mapakinggan ang Iyong Salita, matapos naming maipahayag na kami’y di karapat-dapat, hayan nga’t nagtitiwala nga kami sa mga ginawa ng Anak ng Diyos. Kami’y mga di karapat-dapat na mga nilalawa. Patawarin Mo po kami, Panginoon, sa lahat ng mga nagawa namin. At ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, dumudulog po kami sa dulang ng Panginoon. At ngayon habang inihahain ang tinapay na ito para sumagisag sa katawan ng aming Panginoon, dalangin ko po, Ama, na Iyong babasbasan ito para sa itinakdang layunin nito. At nawa’y ang bawat isang makikibahagi nito ay magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan sa kanilang kaluluwa. At nawa’y ang bawat isang kakain nito ay magkaroon ng kagalingan sa kanilang katawan, at mabuhay sa itinakdang panahon na ibinigay Mo sa kanila. At nawa’y paglingkuran Ka nila sa lahat ng mga araw ng kanilang buhay, at nawa’y maibangon sila sa huling araw sa pagkabuhay na mag-uli, tinitipong kasama ng mga angkan ng lupa na tinubos sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus ay amin itong hinihiling. Amen.

<sup>145</sup> Sinabi ng Biblia, “Gayundin naman hinawakan Niya ang saro, at pagkatapos na makahapon, na sinasabi, ‘Ang sarong ito’y siyang Bagong Tipan, sa tuwing kayo’y iinom nito ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang dumating Siya.’”

<sup>146</sup> Makalangit na Ama, iniaangat po namin sa Iyo ang bunga ng puno ng ubas sa gabing ito, ang alak na ito. At aming idinadalangin, Makalangit na Ama, na Iyong babasbasan ang alak na ito, sumisimbolo ito sa Dugo na nabuhos para sa amin sa Kalbaryo. Sa pamamagitan ng Dugong ito'y may kapatawaran kami sa aming mga kasalanan, sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos nang gawa ni Jesus Cristo. Patawarin Mo po kami sa aming...sa lahat ng aming di pananampalataya, Panginoon, at pagkalooban Mo po kami ng pananampalataya at kaunawaan, at gawin kaming mga lingkod Mo, Panginoon, upang mapaglingkuran Ka namin sa lahat ng aming mga araw. Sumaamin Ka, Ama, habang nagsasama-sama kami sa palibot ng dulang na ito, pagpalain Mo po kami sa mainam na pagbubuklod-buklod at komunyong kasama Mo. At mangusap Ka nawa sa aming mga puso at ituro Mo sa amin ang aming gawain na dapat naming gawin. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Basbasan Mo ang alak na ito para sa itinakdang layunin nito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay amin itong hinihiling. Amen.



*PAGMAMAY-ARI NG LAHAT NG MGA BAGAY* TAG62-0506  
(Possessing All Things)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Mayo 6, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)



## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)